# PAGKAKAKILANLAN

Makakaupo na kayo. Maraming salamat, kapatid, Kapatid na Shores. Isang... Tunay na itinuturing ko na isang malaking pribilehiyo ang makadako rito ngayong gabi, sa... dito sa First Assembly of God, muli, para makipagbuklod sa palibot ng Salita ng Diyos, kasama kayo na mabubuting kapatid, para makasama ang minamahal nating Kapatid na Shores muli, at—at ang lahat ng mga kapatid na nakilala namin sa buong sanlinggo. At tunay na nagtamasa kami ng maluwalhating panahon, nitong nakaraang dalawang linggo.

2 Hindi ko maisip kung nagkaroon na ba ako, sa maraming taon na nagdaan, kung nakapagtamasa na ba ako ng mas mainam na panahon kaysa sa naranasan ko ngayong sanlinggong ito, ng pakikipagbuklod sa mga kapatiran sa buong Maricopa Valley rito, mula pa mismo sa Mesa, hanggang, at hanggang Tucson, na maituturing na Jerusalem, hayan po, dahil nasa ibabaw ng burol. At heto po't nagagalak kami na mabisita ang mga kapatid natin dito sa Jerico, kita n'yo, dito sa... sa ibaba naman ng burol. Naisip ko tuloy kung mainam na paghahambing 'yun.

3 At mangyari kasi na noong nandito ako, maraming taon na ang nakalipas, laging may kumpetensya sa pagitan ng Tucson at Phoenix. Mangyaring, naisip ko lang 'yun noong isang araw, alam n'yo. Binibiro pa nga nila ako't kampi raw ako sa Tucson. At kaya naman naisip ko, buweno, nasa burol 'yun, at ang Jerico naman ay nasa lambak, alam n'yo. Kaya naisip ko na siguro nama'y mainam na paghahambing 'yun. Buweno, may makakasalubong tayo marahil na G. Pumapagitan, isa na paparating. Gusto nating hikayatin siya sa panig natin.

4 Ngayon, napakamaluwalhating panahon po talaga, uulitin ko, at walang pasubali na lubos kaming nasiyahan.

5 Ngayon, tayo ay labi-... naghihintay lang nang may labis na pananabik para rito sa darating na kumbensyon na magsisimula bukas ng gabi. Umaasa tayo ng isang maluwalhating panahon. At ngayon po rito ay sinisikap ko lang na maglatag, sa aba kong paraan ng paggawa nito, ng isang pundasyon, para mistula bang papanabikin ang mga tao, para sa rebaybal na parating. At ngayon po'y may ilan tayong mga kahanga-hangang tagapagsalita na mangungusap, sa rebaybal na ito na paparating. Si Kapatid na Velmer Gardner, at—at may kapatid na Methodist din na sinasabi nila na isang mahusay na tagapagsalita, at pagkatapos, para sa malaking pagtatapos, paroroon ang kalugud-lugod nating Kapatid na Oral Roberts, para sa susunod na Lunes ng gabi. At

umaasa ako na pagkakalooban ng Diyos ang mga kapatid na ito ng mga mensahe na makapagpapaluhod sa Phoenix, makapagpapanginig, sa takot sa Diyos.

6 At sinikap namin, ngayong sanlinggong ito, na—na makapaglatag ng pundasyon para dun, ukol sa nalalapit nang pagpapakita ng Anak ng Diyos. At naniniwala ako, at noon pa ma'y itinuturo na, na ganap na posibleng Siya'y darating na sa henerasyong ito ngayon, maski ngayong gabi na. Sadyang hindi natin alam kung kailan mangyayari, pero nais nating maging handa, na kapag dumating na ito, ay kasama tayo sa Kanya sa Pag-agaw.

7 Napakamaluwalhating panahon po. Puspusan kong ipinapangaral itong mga dibdibang Mensahe ukol sa Kanyang Pagparito, at sinisikap na ilatag ang—ang mga posibilidad, at ang oras na kinabubuhayan natin ngayon, at kung papaanong ang lahat ng bagay, sa aking opinyon, sa aba kong opinyon, ay sadyang nasa kondisyon na para sa Pagparito ng Panginoon, itong Pag-agaw, na kasunod na. At lahat ng kulang, ay maaaring mangyari sa loob ng isang oras.

8 Naniniwala ako, na marami, hindi ko lang alam kung gaanong karami, pero ilan sa katangi-tanging propesiya tungkol sa katuparan ng pagdating ng Mesiyas at kung ano ang gagawin Niya, ay natupad noong huling pitong oras sa krus. "Kung papaanong nilagusan nila ang Aking tagiliran, at ang Aking... wala ni isang buto ang nabali." At—at sumigaw Siya, "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" At 'yung mga dakilang propesiya, nangyari mismo ang mga ito, isa, dalawa, tatlo, apat, nang sunud-sunod, isang oras o dalawa lang, ang pagitan.

9 Ngayon, maaaring ganoon din ang mangyari sa Kanyang pagbabalik. At dapat tayong maging alerto, na naghihintay.

10 Kagabi sa tingin ko'y nagkaroon kami ng maluwalhating panahon doon sa—sa Assembly of God sa timog dito. Parang Southside po, yata, ang tawag, Southside Assembly. Nakilala ko ang isang mabuting kapatid na hindi ko pa nakakatagpo dati sa paglalakbay, sa pagkakaalala ko, pero isa mismong kalugud-lugod na kapatid at mainam na grupo sila.

11 At nangusap tayo, doon kagabi, ng isang Mensahe tungkol sa...tungkol sa pagiging isang oasis ng Diyos, isang lugar, inaalala Siya, 'yung lahat ng ginawa Niya, sa pagtitipun-tipon natin, na nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo. At ang alalahanin ang mga bagay na ginawa Niya, at ang mga bagay na ipinangako Niya na gagawin, kung papaanong nangako Siya na katatagpuin Niya tayo. "Saan man na may dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Kanyang Pangalan, naroon Siya sa gitna natin." Pagkatapos, napagbulay ko na ang dakilang soberanya ng Diyos ay lubos na kamangha-manghang natanghal noong bumaba Siya mismo sa kalagitnaan natin, at pinatunayan ang Kanyang Sarili,

na naroon Siya't kasama natin muli. Kaya naman siguradong-sigurado't walang palya, na malapit na tayo sa wakas. At ang mga bagay na 'yun na ipinangako Niyang gagawin, mismo sa wakas, haya't nakikita na natin 'yun na nasa harapan na natin ngayon.

12 Ipinagpapalagay ko, na marahil, karamihan sa mga narito ngayon ay—ay mga ligtas na. At tayo 'yung mga nananalangin at nagbubuhos ng buo nating pagsisikap ngayon para sa parating na kumbensyon. At kinakailangan nating magsumikap nang buong nasa atin, at gawin ang lahat ng makakaya natin. Siguraduhin nating makipag-usap sa bawat makasalanan sa oras ng kumbensyon na ito. Lapitan ang bawat negosyante, at bawat tao na di pa ligtas, at mga tao na wala pang Cristo, wala pang Espiritu Santo. Naisin natin na lapitan sila dala ang Mensahe, nang may maayos, na solidong pang-Ebanghelyong pamamaraan para sa naturang mga tao.

13 Ibunsod natin ang mga buhay natin na maging napakaalat, na makikita mismo ng iba ang kilos at pamumuhay natin, na gugustuhin nilang mamuhay nang ganoon, din naman. Alam n'yo sinabi ni Jesus, "Kayo ang asin ng lupa." Pero kung naiwala na ng asin ang patotoo nito, ang lasa nito—lasa nito, ang kapangyarihan nito na makapanghila, kung ganoon ay di na ito makapagpapagaling o makapagliligtas pa. Nakakapagligtas ang asin kapag ito'y lumalapat, at dapat tayong—dapat tayong maging paraan ng paglapat ng Diyos. Tayo ang dakong ugnayan Niya, tulad ng madalas na nababanggit ni Kapatid na Roberts kapag ipinapatong niya ang kamay niya sa radyo o isang bagay bilang dakong ugnayan.

14 Ngayon, maaaring ang dinig n'yo sa boses ko ngayong gabi'y medyo kakaiba, hayan po na nitong huling tatlo o apat na gabi'y kinakailangan kong gamitin ang mataas kong boses. Ako—Ako . . . Napagod na po kasi 'yung isa. Kaya tinitinisan ko, parang nanggagaling sa itaas na bahagi ng bibig ko. Hindi po ito pagpapanggap, hayan po na kailangan ko lang itong gawin, para hindi sumakit 'yung ibabang bahagi. Alam n'yo, mistula ngang nilikha tayo ng Diyos sa paraan, na kapag 'yung isang bahagi'y pagod na, maaari nating gamitin 'yung isa pa. May—may . . . Alam n'yo na, isang reserba.

15 At may nagtanong sa akin, minsan, isang beses, ang sabi, "Papaano ka nakakalakad nang puspusan sa kabundukan at iba pa?"

16 Sabi ko, "Buweno, may natutunan kasi ako, na isang munting teknik, maraming taon na ang nakalipas, mula sa mga Indian." Kita n'yo? Maaari kayong maglakad gamit ang mga tuhod n'yo, na hindi n'yo masyadong gagamitin, ang balakang n'yo, at kaya maipapahinga n'yo ang balakang n'yo. Tapos lumakad kayo gamit ang balakang n'yo, at humakbang, at 'yung

mga tuhod n'yo naman ang ipahinga n'yo, kita n'yo. Kaya papagpahingahin tapos lakad, papagpahingahin tapos lakad, papagpahingahin tapos lakad.

17 Ganoon din sa pangangaral, 'yung itaas muna tapos 'yung ibaba, 'yung itaas tapos 'yung ibaba. Papagpahingahin 'yung isa, tapos 'yung isa naman.

18 Oh, kahanga-hangang bagay ang ginawa ng Diyos noong likhain Niya ang tao! Alam n'yo ba kung bakit? Sa Kanyang larawan kasi Niya nilikha ang tao. At kaya ano pa bang mas hihigit sa pagiging kamangha-mangha ng Diyos?

19 Tuluy-tuloy at puspusan ang pangangaral ko tungkol sa—sa Pagparito ni Cristo sa kapanahunang ito, kaya naisip ko na marahil mainam ngayong gabi na medyo lumagi ako nang kaunti sa ilan sa mga bagay na ito na ipinapangusap ko, at ilatag ang—ang kaseryosohan ng kondisyon ng panahong ito, sa ating harapan, sa pamamagitan ng Ebanghelyo, at tingnan ang kalagayan natin, mismo, kung naaangkop ba para sa oras na ito. Papaano natin malalaman? Maaaring ito na ang huling kumbensyon na maidadaos ng mga Business Men. Alam n'yo, maaaring ito na ang huling gabi na ang First Assembly of God at lahat ng iba pang mga kaiglesyahan sa buong bansa ay mananatiling bukas. Bukas, puwedeng mangyari, na ang lahat ay sarado na. Hindi natin alam. Maaaring ito na ang huling beses na babasahin ang Biblia sa mga tagapakinig dito. Kaya naman, subukan nating magsiyasat ngayong gabi at tingnan natin kung nasaan na tayo, nang may kaseryosohan, pansumandali.

20 At pagkatapos makakauwi na tayo, sisikapin nating matapos nang maaga, para mapalabas ang mga tao at hindi kayo pagtagalin. Nakapagsabi ako ng medyo di-akmang komento ngayong sanlinggo, na patatagalin ko—patatagalin ko kayo nang buong gabi, kung sa tingin ko isang araw lang naman ang mapapalampas n'yong trabaho, na di 'yun makakaapekto sa inyo. Pero sabi ko, "Sa Sabado ng gabi hayan po, hindi ko kayo maaaring panatilihin nang matagal, dahil hindi n'yo maaaring mapalampas ang Sunday school. Kailangan kasi na naroon kayo sa nakaatang sa inyo na tungkulin." Kaya, ngayon, hindi ko kayo patatagalin ngayong gabi, dahil gustung-gusto ko na makadalo kayo bukas ng gabi. Yan ang pinagsusumikapan natin, sa maluwalhating panahon na ito.

21 At ngayon ipanalangin n'yo ang lahat ng mga kapatid na magsasalita. Ipanalangin n'yo na pahiran ng Diyos ang Kanyang mga mensahero. At 'yung magiging huling gabi, makakasama natin si Kapatid na Oral; siya ang napili para sa huling paglalagom ng buong gawain. Naiisip ko na 'yung huling bahagi na 'yun, na para bang 'yun 'yung huling araw ng kapistahan noong tumayo noon si Jesus at sumigaw sa templo. Oh, nawa'y marinig natin 'yung muli. Nawa'y sumigaw ang Diyos sa atin, at

tawagin tayo sa Kanyang tabi, tipunin sa Iglesya, ang Kanyang mga tinubos, ang Kanyang Nobya na buong biyaya Niyang binili ng Kanyang Sariling Dugo. At ipinapanalangin natin ang ganoong pagtatapos.

22 Ngayon tutuon tayo sa Panginoon sa sandaling ito sa panalangin bago tayo dumako sa Kanyang Salita. Dahil, alam n'yo, ang Salita'y hindi buhat sa pansariling pagpapaliwanag, kaya nais ko lamang na ang May-Akda ang maghayag Nito; at huwag Itong panghimasukan, alam n'yo, para tayo'y—tayo'y makapanampalataya na Siya talaga ang kumikilos dito. Kaya iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon. At—at sa pagyuko natin ng mga ulo natin, sige't iyuko na rin natin ang mga puso natin, iyuko lamang ang mga puso natin sa Diyos.

23 Ngayon habang nakayuko ang mga ulo't mga puso natin, mayroon po bang kahilingan sa puso n'yo ngayong gabi, kapwa ko mamamayan ng Kaharian, kapatid kong manlalakbay? Kayo na mga nakipamayan dito sa Phoenix at sa iba pang lugar, na nagkatipun-tipon tayo sa kalugud-lugod na munting iglesyang ito ngayong gabi para sambahin Siya, may kahilingan ba na nais n'yong ipabatid sa Diyos? Ilagi n'yo sa isip n'yo, at itaas n'yo lamang ang kamay n'yo, at sabihin, "Panginoon, ibunsod Mo po sa akin sa gabing ito. Ako—ako po'y may—may matinding pangangailangan." Nawa Kanyang . . . Alam kong makikita Niya ito. Pakikinggan Niya ito. Tutugunin Niya ito.

24 Makalangit naming Ama, lumalapit po kami sa Iyo sa pamamagitan ng pananampalataya ngayon. Pinagpipisan po namin ang aming mga sarili, pinagpipisan ang mga panalangin namin bilang kaisahan. Sa pamamagitan ng pananampalataya'y aalis kami rito, sa 11th at Garfield, at aakyat kami sa pamamagitan ng pananampalataya, lampas sa buwan at mga bituwin, pataas sa Milky White Way, tuluy-tuloy at lampas sa mga tanawin ng mundong ito, patungo sa Presensya ng Diyos. At doon sa Dambana kung saan nakalapag ang Hain, at ang mga Kerubin at mga Serapin ay lumilipad sa ibabaw ng Dambana ng Diyos, sumisigaw, "Banal!" Oh, anong dakilang lugar para doon tumayo! Anupa't sa pamamagitan ng nasusulat na Salitang ito, ng Anak ng Diyos, na, "Kung hihilingin namin sa Ama ang anuman sa Kanyang Pangalan, ipagkakaloob Niya ito sa amin." At naroon Siya na nakaupo suot ang Kanyang Duguang bihis. Nabayaran na ang halaga, nang sa gayon kami, na mga di karapat-dapat, ay makalapit sa Kanya, bilang mga anak na lalaki't mga anak na babae, matapos na tanggapin namin si Cristo bilang aming Tagapagligtas.

25 At dalangin namin, Makalangit na Ama, sa gabing ito, na unang-una'y, patawarin Mo po ang kasamaan namin, at ang lahat ng mga nagawa namin at nasabi, na hindi tama sa Iyong paningin. At, Diyos, alam po namin na di mabilang ang mga bagay na nagawa namin. Mahabag Ka po sa amin, Diyos, dahil

hindi lamang namin sinasabi ang mga bagay na ito para marinig, kundi aming—aming sinasabi ang mga bagay na ito sa—sa pag-ibig, at sa malalim na paggalang, at sa pananampalataya na diringgin kami ng Diyos at tutugunin ang mga panalangin namin para sa iba at para sa mga sarili namin. Natatalos Mo po kung ano ang nasa likod ng bawat kamay, layunin man at motibo.

26 Panginoon, iunat Mo po ang Iyong dakila't banal na mga pakpak, gaya noon, sa gabing ito. At nawa ang kagalang-galang Mong Presensya'y lubos na madama sa kalagitnaan namin, ngayong gabi, na kami'y matatakot. Diyos, nais po naming malaman ang aming katayuan ngayon. Nagsusuri kami, nag-iimbentaryo ng aming mga buhay. Maaaring heto na't bago lamang ang Pag-agaw, ang pagtawag paitaas.

27 At pinaghahandaan namin ang parating na pagtitipon sa Ramada bukas ng gabi, at nais naming suriin ang sarili naming mga buhay ngayong gabi at tingnan kung saan kami kulang, para kami'y maging mga kasangkapan sa Iyong kamay, luwad na inanyuan at hinubog ng Diyos ng Langit, para makapaghanda kami sa dakilang pangyayaring ito na magaganap, na isinusulong namin para sa walang ibang kadahilanan kundi para sa kapakanan ng Kaharian at sa kaluwalhatian ng Diyos. Iyo pong pagpalain ang mumunti naming pagsisikap para sa sanlinggong ito, Panginoon, itong pagsusumikap na ipukaw, sa gitna ng mga tao, ang pagkaunawa sa oras na kinabubuhayan namin.

28 Mangusap Ka po sa amin ngayong gabi, sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita, at kunin Mo nawa ang teksto at—at ihayag ang konteksto sa paraang nais ng Espiritu Santo na malaman namin ito. At nawa'y lahat ng papuri'y mauwi lahat sa Iyo. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

29 Marami ang nakasanayan nang maglista ng mga teksto, at iniisip nila 'yung panahon na marahil babalikan nila ito. At maraming beses, ang mga ministro, gaya ko, mismo, lagi kaming—kaming naglilista ng teksto kung may pagkakataon, para balikan ito. May masasabi ang ministro na isang bagay, at tayo. . . May munting kaisipan na humagip sa isip natin. At gusto nating balikan 'yun, kung minsan, na bigla tayong mapapasabi, "Buweno, isa 'yung. . . May nakita ako habang ipinapangusap nila 'yun." Ayos po 'yun.

30 Ngayon, nais nating bumasa ngayong gabi, sa Biblia, mula sa aklat ng liham sa mga taga-Filipos, sumulat si Pablo sa mga Taga-Filipos, sa ika-2 kabanata, 5 hanggang 8. Nais nating basahin ito bilang teksto, habang sinasamahan n'yo kami sa pagbasa, haya't ibigay n'yo sa amin ang buong pansin n'yo habang sinisikap nating basahin Ito.

31 Ngayon, habang bumubuklat kayo sa dako sa Kasulatan, nais kong sabihin na iniatang sa akin, na inyong kapatid,

ang pribilehiyong makapangusap ngayong darating na Linggo ng hapon sa kumbensyon. Balak kong lumagi roon ngayon sa nalalabing bahagi ng sanlinggo, at mauupo sa isang dako roon kasama ang mga tagapakinig, o kung saan man, ako'y makikinig at magpapakapuno at bubusugin ang sarili kong kaluluwa sa Salita ng Diyos, habang ipinapangaral 'yun ng mga kapatid natin, at maging sa mga patotoo ng mga negosyante. At umaasa akong makita ko kayong lahat doon. Ang pagtitipon ay sa hapon, kaya sarado ang mga simbahan, sa buong paligid, kayo—kayo po'y higit na malugod na inaanyayahang dumalo. Inaasahan namin kayo, doon at sa bawat iba pang pagtitipon.

32 Ngayon sa Mga Taga-Filipos 2:5, mababasa natin.

> *Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman:*
>
> *Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios:*
>
> *Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao:*
>
> *At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin* sa *kamatayan, oo sa kamatayan sa krus*.

33 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Salita. Nais kong kumuha, ng ilang minuto ng oras n'yo, sa papamagatan ko, o nais kong pamagatan, na isang teksto na pinamagatang: *Pagkakakilanlan*. Kinikilala, nakikilala sa wangis ng mga tauhan sa Biblia! Nakikilala sa wangis ng mga tauhan sa Biblia! At ngayong gabi, hayan po't naisip ko, sa pagtalakay nito, matapos na ilaan natin ang buong sanlinggo sa pangungusap ukol sa Kanyang Pagparito, at kung papaanong dapat ihanda na ng Iglesya ang Sarili Nito.

34 Ngayong araw habang nakaupo ako sa silid, may bagay sa isip ko na nais kong ipangusap ngayong gabi, "Ang sukdulang Hain." Pero, tila, dinala ako ng Espiritu Santo mula roon, patungo sa ibang daloy ng pag-iisip. Alam na alam ng lahat ng mga ministro 'yung ganoon, kayo'y—kayo'y may naisip na na nais n'yong ipangusap, tapos, bigla na lang, nakaramdam kayo na iba na lang ang dapat n'yong ipangusap, marahil malayong-malayo. Marahil para 'yun sa isang tao. Hindi ko alam. Pero, sa tagal ko na kay Cristo, haya't alam kong marapat na sumunod sa pangunguna ng Espiritu. Yung bagay na sinasabi ng Espiritu na gawin, 'yun ang dapat gawin.

35 Sigurado ako ngayong gabi ay dapat makita natin ang ating mga sarili sa isang tauhan sa Biblia, para malaman natin ang kahihinatnan ng tauhan na 'yun at malaman kung anong kahihinatnan din natin.

36 Naalala ko ang isang munting kuwento na narinig ko minsan, tungkol sa isang—isang ginang, na isinama niya ang munti niyang anak na lalaki mula—mula sa isang probinsya sa kung saan, kung saan sila nakatira, papunta sa siyudad, para—para bisitahin ang lola ng bata. At 'yung munting bata, yamang nakatira sa . . .

37 Sa lugar namin sa probinsya, sa Kentucky, kapag sinabing *probinsya* ay bahay na yari sa troso 'yun sa kung saang lupalop, na may pahalang na mga tabla bilang bubong. At mangyaring ang salamin namin, sa bahay, ay kapirasong salamin lang na isinabit sa isang puno, doon, sa labas, kung saan may parang bangkitong hilamusan na nakakabit sa puno, sa tabi ng bomba ng tubig, kung saan magbobomba ng tubig si tatay at doon siya maghuhugas ng mga kamay niya, at may kapirasong salamin doon. At doon ko nakikita si Nanay na tumatayo at nagsusuklay ng kanyang buhok, dahil walang salamin sa loob ng bahay.

38 Sa ganoong tahanan marahil pinalaki ang munting batang lalaki. At noong pumunta siya para bisitahin ang lola niya, may—may pinto roon ang lola niya, na sa likod nun, may nakalagay na salamin. At medyo naiinip 'yung munting bata. At kaya ginala-gala niya ang buong bahay. At maya-maya, tiyempong napatingin siya sa may pinto. At nakasara 'yun, mula noong pagpasok nila. At—at doon sa salamin sa gilid niya, nakita niya ang isang munting batang lalaki. At lumapit siya sa munting bata, para makipagkaibigan sana rito. At habang unti-unti niyang tinitingnan-tingnan 'yung salamin, nilapitan pa niya. Tapos bumaling siya, sabi niya, "Aba, nanay, ako 'yan."

39 At 'yan ang gusto nating makita sa gabing ito. Gusto kong makita ang sarili ko, at gusto kong tingnan n'yo ang sarili n'yo. At habang nakatingin tayo sa dakilang Salamin ng Diyos ng Kanyang Salita, hayaan nating . . . mapagkilanlan natin ang ating mga sarili sa ilan sa ipapangusap natin, na ilan sa mga tauhan ng ibang panahon. At gusto kong makita ang sarili ko sa—sa tinginang-salamin ng Diyos. Dahil, kung may bagay na makakapagpakita sa inyo kung saan kayo nakatayo, haya't itong Aklat na *ito*. Walang aklat na katulad Nito, dahil Ito'y pawang Katotohanan. Hindi ko sinasabi na hindi totoo ang ibang aklat, pero alam ko—alam ko na ang Isang ito ay totoo. Itong buong Ito'y Katotohanan, dahil Ito'y Salita ng Diyos.

40 Ngayon, ibinigay sa atin ni Jesus ang Ehemplo kung ano ang dapat nating makita, noong paaninagin Niya ang Buhay Niya sa atin sa pamamagitan ng Salita, kung ano ang dapat nating makita. Sa pagtingin natin sa salamin ng Diyos, dapat nating makita ang sarili natin na napagkikilala sa Kanya. Yun ang perpektong Ehemplo.

41 Ngayon, pero natuklasan natin, na habang nagpapatuloy tayo sa buhay, haya't ang katangian natin ang humuhubog

sa imahe ng kung sino tayo. Alam 'yan ng bawat isa. Kayo, habang kayo'y nagpapatuloy sa buhay, hayan mismo na ang katangian n'yo, ang humuhubog sa inyo para maging kung sino kayo. Ngayon, nakakasumpong kayo ng mga taong gustung-gusto n'yong kasama sila, kahit na marahil hindi sila kabilang—kabilang mismo sa antas n'yo sa lipunan. At, maaari rin, na ibang lahi sila, marahil itim, o kayumanggi, o dilaw. Pero sadyang may kung anong bagay sa katangiang 'yun, na talagang gusto n'yong mapadako sa presensya nila. Dahil ang bawat tao'y isang—isang munting dynamo sa ganang sarili nila, at kayo'y—kayo'y naglalabas at nagpapakita ng pakiramdam sa kapaligiran.

42 At hayan din na makakakita kayo ng mga tao na mararangal naman, pero sa kabila nun ay mas gusto n'yong wala kayo sa tabi nila. Para ba kasing nakakalikha sila—nakakalikha sila ng kapaligiran na bumabalot sa kinaroroonan mo. Wala ka namang anumang laban sa kanila, mabubuting tao sila, pero sadyang ayaw mo lang ang ganoong pakiramdam sa kapaligiran, na sila, sila'y. . . sa kinaroroonan nila. At nililikha ng kanilang katangian kung ano mismo sila, ibinubunsod sila na maging kung sino sila.

43 Noong tumingin ang Diyos sa Kanyang napahamak na nilalang, matapos Niya itong gawin at hubugin sa paraang nais Niya rito. . . At gusto kong—gusto kong tingnan ito sa pinagmulan nito. Mahilig ako—mahilig ako sa kalikasan, dahil, doon, haya't marahil ganoon ang pamamaraan na nais Niya ito, o kung hindi'y di sana Niya ito ginawa nang ganoon. At dumating tayo at binaluktot 'yun, at gumawa ng isang bagay mula roon na hindi Niya ikinalugod. Pero, sa Kanyang mapagmahal na katangian, ay umanyo; ang Diyos, haya't ang Kanyang—Kanyang dakilang plano at paglalang sa sangkatauhan ay magsipanahan sila sa lupa, at mamuhay nang payapa, at di kailanman mamamatay, di kailanman magkakasakit o daranas man ng dalamhati o anumang pag-aalala. Oh, grabeng—grabeng dakilang paraan nga ang inilaan ng Ama para sa atin! At 'yun ang Kanyang—'yun ang Kanyang mithi, na tayo'y maging ganoon. Hindi Niya ninais na tayo'y mapunta sa isang kalagayan na naghihingalo gaya ng kinasasadlakan natin ngayon. Ito, at itong—itong kalagayan na kinasasadlakan ng sanlibutan ngayon, ay di kailanman ang mithi ng Diyos. Hindi ganoon ang ninais Niya, kailanman.

44 Pero noong makita Niya na ang nilikha Niya ay—ay nahulog, ngayon sa Kanyang sariling mapagmahal na katangian ay hinubog ang Kanyang Sarili tungo sa Persona ni Cristo. Sinalamin ng Sariling katangian ng pag-ibig ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Tao, si Cristo. Gaya ng sinasabi ni Pablo rito, "Hindi inari na isang bagay na nararapat panangnan, ang anupa't ipantay ang Kanyang Sarili, o kapantay ng Diyos, pala." Kita n'yo? Hinubog ng Kanyang Sariling katangian ang ganoong

uri ng Persona. Oh, walang makagagawa nun kundi ang Diyos. Ginawa ito para mabayaran Niya ang parusa sa pagkahulog ng Kanyang nilikha. Kita n'yo? Siya . . .

45 Marapat na may bagay na magliligtas sa sangnilikha na ito. At walang makapagliligtas dito, dahil ang pinakamataas na uri na nilikha Niya ay nahulog, at lahat ng nasa ilalim nun ay nahulog kasama nito, dahil nahulog nga ito. May isang bagay na lang na natitira, na hindi nahulog, at 'yun ay ang Diyos, ang kalangitan. Kaya isang bagay na buhat sa kalangitan ang kinailangang bumaba para tubusin ang sangnilikhang ito, dahil walang anuman dito ang makalilikha nun. At ang sariling pag-ibig ng Diyos para sa sanlibutan ang lumikha ng katangian na nahayag kay Cristo. Siya ang katangian ng Diyos. Siya ang nahayag na larawan ng Diyos. Nasa Kanya ang Diyos, ang Diyos ay nakay Cristo, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa sanlibutan. At walang pag-ibig na mas hihigit pa kaysa sa pag-ibig na 'yun, na, ang may ganoong Persona pala'y ganoon ang gagawin gaya sa ginawa Niya, para—para tubusin ang naiwala.

46 Diyan pa lang, sa kaisipan pa lang na 'yan, ano't marapat lang na dalhin ang Phoenix at ang buong mundo sa pagkahiya, na makita kung anong kondisyon ang kinabagsakan natin. At kung ano . . . Ang Diyos, ay sinasalamin ang Kanyang Sarili, para gumawa ng isang plano ng pagtutubos, para—para tubusin itong bumagsak na katangian natin.

47 Ginawa ito para ang parusa'y mabayaran, dahil ang—ang parusa ay kamatayan. At ang isa na nasa ilalim ng hatol na kamatayan ay di maaaring makapagbayad sa parusa nung kasunod na nasa ilalim ng hatol na kamatayan. Kaya kinailangan na may Isa na dumating na malaya mula sa kamatayan, para mabayaran ang parusa. At walang ibang maaaring dumating kundi ang Diyos, dahil Siya lang ang nag-Iisa na malaya mula sa parusang kamatayan.

48 Ngayon, kaya naman, ang mapagmahal Niyang katangian ng pag-ibig, oh, para sa atin, ginawa nitong—nitong klaro ang Juan 3:16. "Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan." Ang Diyos, ay sinasalamin ang Kanyang Sarili, at naging Tao, para maako Niya sa Kanyang Sarili ang anyo ng Kanyang nilikha. Sa madaling salita, nagpalit Siya ng Kanyang tolda. Itinayo Niya ito sa gitna ng mga tao.

49 At ang sanggol, si Jehovah, na umiiyak sa isang sabsaban, maiisip n'yo ba 'yun? Marapat lang na magising nito ang mga puso ng mga mananampalataya. At noong mangyari ang lahat ng 'yun . . . Maiisip n'yo ba, na si Jehovah ay isang sanggol sa isang—sa isang sabsaban, sa isang—sa isang kuwadra ng dumi? Maiisip

n'yo ba 'yun? Maiisip n'yo ba, ang munting Jehovah na naglalaro bilang isang—bilang isang batang paslit? Isa 'yung halimbawa. Maiisip n'yo ba, Siya bilang isang kabataan? Maiisip n'yo ba, Siya na nasa pagawaan ng karpintero? At maiisip n'yo ba, Siya sa ganap na pagtalima sa Diyos, ay naghihingalo sa krus, para tubusin ang Kanyang nahulog na nilikha? Ganoong uri ng pag-ibig ang taglay ng Diyos. At kinailangan Niyang maging ganoon, para mamatay, para hawakan ang tibo ng kamatayan.

50 Ngayon, sa palagay ko, ilang gabi na ang nakararaan ay nagpahayag tayo ng ganoong bagay, ukol sa Kanyang pagdating. At nagpadala Siya ng mga propeta't mga dakilang tao, at ipinadala Niya si Moises at ang mga propeta, at nagbigay Siya ng mga batas. Pero ang lahat ng ito'y hindi makatutubos, dahil sila'y mga tao pa rin na nasa ilalim ng parusang kamatayan. At hindi nila kayang bayaran ang parusang kamatayan, bagaman sila'y mga panandang-tumuturo doon sa Isang sakdal na parating, dahil hindi sila sakdal. Pero noong maipanganak ang Isang ito, ipinanganak Siya na walang kasalanan.

51 Ang Diyos, si Jehovah, ay lumilim sa isang birhen at lumikha ng Selyulang Dugo, at noong ipanganak 'yun, 'yun ang Anak ng Diyos. Sa madaling salita, isa 'yung tabernakulo. Isa 'yung dakong panahanan kung saan makakapanahan si Jehovah sa gitna ng Kanyang bayan at maipapahayag ang Kanyang Sarili, kung ano Siya.

52 Napakagandang ehemplo, kung papaanong nahayag ang banal na Diyos, at pagkatapos ay kinuha ang lugar ng isang alipin, para maghugas ng mga paa! At sinabi, na, "Ang mga ibon ay may mga pugad, at ang—at ang mga sorro ay may lungga, ngunit Ako'y walang dako na mapaghihiligan ng Aking ulo." Haya't, napakagandang ehemplo! Papaano masasalamin ang buhay natin, sa Kanya? At ginawa Niya mismo ang ehemplo na dapat nating gawin, kung ano ba dapat tayo. Dapat natin Siyang makita kapag tumitingin kayo sa salamin. Makikita si Cristo, sa salamin ng Kanyang Salita, 'yung kung papaano Niya 'yun ginawa dahil sa pag-ibig.

53 At nagpakita tayo ng munting drama noong isang gabi, tungkol sa pagtahak ni Cristo patungong Golgota, at kung papaanong ang mga bakas ng paa, ay duguan mula sa Dugo Niya na umagos sa Kanyang likod, kung saan Siya hinagupit, at minaltrato, at binugbog. At ang lahat ng 'yun, ay para sa inyo. Wala Siyang kasalanan. Wala Siyang kasalanan, pero inari Siyang may sala sa pamamagitan ng pagiging handog dahil sa kasalanan.

54 At ngayon kinailangan ng Diyos na—na ihayag ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga katangian, sa Personang ito na tinatawag na Cristo, para akuin ang kamatayan sa Kanyang Sarili. Bilang Jehovah, hindi Siya maaaring mamatay, kaya kinailangan

Niyang lumikha ng katawan para sa Kanyang Sarili. At walang babae ang makapagluluwal ng ganoong katawan. Kaya ang Kanyang Sariling katangian. . . Amen. Pasensya na po. Kapag naiisip ko 'yun! Sinalamin ng katangian Niya ang kaibig-ibig na Persona ni Jesus Cristo. Walang babae ang makapagluluwal nun. Ang nanay ni Moises, siya, si Jochebed, isa siyang dakilang babae, at ganoon din sina Rebekah at marami pang ibang kababaihan, pero wala sa kanila ang makapagluluwal ng ganoong uri ng katangian, dahil dumaan 'yung sa kanila sa pamamagitan ng pakikipagtalik ng mga taong nahulog. Pero sinalamin ng Diyos ang Kanyang Sariling katawan, na Kanyang dakong panahanan. Yan ang dahilan kung bakit Siya ang Anak ng Diyos, dahil wala nang iba pa ang makasasalamin nito. Haya't ang Kanyang sariling Makalangit na katangian lang ang makasasalamin ng tabernakulong ito, para pagpahayagan ng Kanyang Sarili.

55 At, sa kabila nun, ay inalis Niya ang Kanyang Sarili mula sa dakilang bagay ng kung ano Siya. At sa Kanyang kapanganakan, maaari sana Siyang dumating na ang mga Anghel ay magsisisaludo nang may buong-pagpipitagan. Maaari sana Siyang dumating sakay sa mga karwahe't mga Anghel ng Langit, pero dumating Siya sa paraan ng isang kamalig. Hayun ang Kanyang—Kanyang pag-ibig, na ibinaba ang Kanyang Sarili sa pinakamababa.

56 Ngayon, pag-aralan n'yo nang kaunti ang katangian na 'yan at pagkatapos ay tingnan n'yo ang sarili n'yo, at titingnan ko rin naman ang sarili ko. Pero, 'yun nga Siya, 'yun 'yung kung Sino Siya, at 'yun ang dahilan kung bakit ganoon Siya, para iligtas kayo. Kinuha Niya. . . Siya'y naging kayo, para kayo'y maging Siya. Inako Niya ang pasan n'yong kasalanan.

57 Kaya naman, sa pagharap natin para katagpuin Siya, hindi na natin kailangang tumayo. . . Hindi natin kayang tumayo sa Presensya ng Diyos. Walang paraan para magawa natin 'yun. Pero kapag tayo'y tumayo na sa Kanya, kita n'yo, Kanyang kinilala na mismo ang Hain. "Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalulugdan." Kinikilala Niya ito. Walang kapintasan sa Kanya. At, gayumpaman, dumanas Siya ng tukso gaya ng sinumang ibang tao. Hayan mismo, na Siya'y kinutya. Siya'y pinagtawanan. Inusig Siya, mula noong oras na Siya'y ipinanganak hanggang sa oras na mamatay Siya, at sa kabila nun ay mabuti ang iginanti Niya sa masama.

58 Hindi kayo, sa anumang paraan, makapagpapalabas ng ganoong Katangian; maliban na lamang, kung tatanggapin n'yo ang Katangian na 'yun sa kaibuturan n'yo. Hindi 'yan magagawa ng isang iglesya. Hindi 'yan magagawa ng isang kredo. Hindi 'yan magagawa ng isang denominasyon. Hindi 'yan magagawa maski ng edukasyon. Kinakailangan ay isang Kapanganakan. Kinakailangan na isang—isang pagkamatay mismo, at hayaang

pumasok ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo, para hubugin ang ganitong uri ng katangian sa inyo, para kayo'y maging Siya, at ang buhay n'yo at ang Kanya'y maging pareho, pagkatapos kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos.

59 Mangyaring, noong paakyat Siya noon sa bundok, at ang Kanyang krus ay nag-iwan ng mga kinaladkad na bakas ng paa, oh, kung pintor lang sana ako, kung ganoon lang sana ako, na kaya kong magsalita na maipipinta ko sa isipan n'yo ang isang larawan ng Kalbaryo, 'yung pinaka kakila-kilabot na oras na 'yun na naranasan ng mundo, at sa kabila nun, ay wala silang kamalay-malay sa nangyayari, milyun-milyon ang walang kamalay-malay.

60 At maaari ko bang ibaling ang larawang 'yan sa ipinapangusap ko sa buong sanlinggong ito? Papasok na naman tayo sa isang kakila-kilabot na oras, isang nakakatakot na panahon. At ang Phoenix at ang mundo'y naliligo mismo, at naliligo ang mga kasiglesyahan sa sarili nilang, pagka-makasanlibutang ismo, at sa pagpapakitang-gilas ng Hollywood, na dinadaig ng isa ang isa pa. At ang mga miyembro nati'y nagiging makasanlibutan na. Para bang hindi tumitimo sa kanila 'yung buong larawan, at 'yung kaseryosohan, at 'yung kapahayagan, ng pagpapakita ng Anak ng Diyos sa huling mga araw na ito.

61 Grabeng kakila-kilabot na panahon 'yun! Ang tanging alam lang nila'y may salarin, sa ilalim ng parusang kamatayan, na mamamatay noong umagang 'yun. Ganoon lang 'yun sa kanila.

62 Ganoon lang Ito sa panahon ngayon, sa mga tao, kapag napapakinggan nila ang Mensahe. "Naku't isa na namang baliw; isa na namang holy-roller; o kung sinong panatiko ng relihiyon." At hindi ko sinasabing walang mga panatiko sa relihiyon. Pero alam n'yo ba na. . . Ang tawag nila sa kanila'y, "Mga kakatwa." Buweno, makinig kayo. Sinumang namumuhay nang tama ay isang kakatwa, sa modernong sanlibutan na ito. Lahat tayo'y kakatwa, kung tutuusin. At pagpasensyahan n'yo na 'yung makamundong pananalita na 'yun, pero ito lang ang tanging paraan na alam ko para makuha n'yo ang sinasabi ko; kita n'yo, isa lamang kakatwa, na kakaibang, tao.

Si Jesus ay ganoong uri ng Tao.

63 Ganoong uri ng mga tao ang mga propeta, na dumarating sa kapanahunan kapag ang lahat ay naging maluwag na. At darating ang mga propeta't sinusugpo ang kaluwagan na 'yan, at ipinanunumbalik ang mga 'yun at harap-harapang sinasalya sa mga tao, at sasabihin sa mga tao, "Ang mismong Diyos na pinangangalandakan n'yo na pinaglilingkuran n'yo ang pupuksa sa inyo, dahil umalis na kayo sa Kanyang programa. Heto ang

tanging daan na maililigtas Niya kayo." At ang mga propeta'y kakatwa sa tuwina.

64 At, ngayon, kapag naririnig natin ang Mensahe ng Diyos na ipinapahayag, iniisip natin na isa Itong pandaraya, kabaliwan, o kung ano. At 'yung mga ganyan, haya't marami ngang ganyan sa mundo: mga pakana, pagkakaperahan, kawalan ng pagmamalasakit, ang mga tao'y nasa ilalim ng mga pag-aakala at—at kung magsalita'y parang 'yun ang Panginoon. Sa tuwina'y tunay na ipinapakilala ng Panginoon ang Kanyang Sarili. Kita n'yo? At pansinin.

65 Pero, sa kabila nun, alam n'yo ba na kailangang dumating ang lahat ng mga bagay na 'yun? Totoo. Yung—'yung rosas ay kailangan mismo na may kaakibat na mga tinik nito. Yung butil sa isang—sa isang kastanyas ay kailangan mismo na nababalutan ng matinik na talop. Kailangan n'yong lampasan 'yung matinik na talop para makarating sa butil. Sadyang bigo tayo na makita ang ganoong mga bagay. Ang mga hiyas, ang—ang—ang mga metal at mga hiyas, at salapi, pilak at ginto sa mga kabundukan, ay natatabunan ng lupa, punung-puno ng pyrite at ibang mineral na nakahalo rito. Inaasahan natin 'yun. Kinakailangan n'yong humukay. Kapag makakasumpong ang prospektor ng tinatawag niyang "buhanging kuwarta," haya't buhangin 'yun, pero 'yun. . .Kita na nila. Ipinapahiwatig nun, na doon, may bakas na nung malaking deposito ng mineral sa kung saan.

66 At kapag nakakakita tayo ng ganyang mga tao sa panahon ngayon na nag-aangkin na mga Cristiano, at ang pamumuhay ay basta kung anu-ano na lang, ano 'yun? Buhanging kuwarta 'yun. May bulto ng mina sa kung saan. Kapag nakakakita tayo na ang asta ay para bang nasa kanila ang Espiritu Santo, gayong wala naman, na haya't iba ang buhay na ipinamumuhay, patunay lang 'yun na may tunay na pangunahing mina ng Espiritu Santo na maaaring ibuhos, na makapagkakaloob nung mga bagay na Kanyang ipinangako. Dapat tayong magmalasakit nang lubos at magpitagan.

67 Si Jesus, sa Kanyang pagtahak. Pinagdududahan mismo nung diyablo noon pa man na higit pa Yun sa isang propeta. Hindi siya naniniwalang Siya si Emmanuel. Ang Diyos ay nahayag sa Kanyang Sariling Anak, Siya at ang Kanyang Anak bilang Isa, aba, hindi niya 'yun makita-kita. Papaanong ang Diyos, na dakilang Manlilikha, ay tatayo lang at hahayaan ang sinuman na magsabi sa Kanya, "Buweno, kung ikaw ang Anak ng Diyos, utusan mo ang mga batong ito na maging tinapay"?

68 At 'yung kalagayan nga Niya, sa patyo ni Pilato, noong ang. . .Ipagpaumanhin n'yo ang pananalita; pero noong mailapag na ang lahat ng pitsa't gipit na, gaya ng tawag natin dito. At naroon Siya na tinalukbungan ng basahan

ang Kanyang mukha at—at dinuduraan ng mga sundalong Romano ang Kanyang mukha, at sinasabunot ang balbas, at umaagos ang Dugo. At may korona na tinik sa Kanyang ulo. At bugbog-sarado, at 'yung Dugo Niya'y walang humpay ang agos sa Kanyang tagiliran. At pinapanood 'yun ni Satanas. At pagkatapos tatalukbungan ng basahan ang Kanyang mukha, at hahampasin Siya ng mga sundalo sa ulo gamit ang isang pamalo, saka pagpapasa-pasahan, sasabihin, "Ngayon, kung nakakakita ka talaga ng mga pangitain, kung isa kang propeta, ngayon, sabihin mo—sabihin mo nga sa amin kung sinong humampas sa iyo." At hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig. Kaya inisip nila na . . .

69 Sabi ni Satanas, "Haya't, di-maaaring 'yan ang Anak ng Diyos. Hindi maaari. Hindi Siya makakapayag na ganyan-ganyanin lang Siya." Pero tinitiis mismo ng mga anak ng Diyos ang kahit na anong bagay basta't alam nilang ang ginagawa nila'y kalooban ng Diyos. At 'yun ang ipinunta Niya para gawin. Kritisismo!

70 Ngayon, sa Mensahe natin, magagawa ba nating tumayo sa harap ng tinginang-salamin ng Salita ng Diyos at ang makikita'y si Cristo na nasasalamin sa ating sariling mga buhay? Kaya ba nating tiisin ang ganoon, at 'yung kadustaan ng Mensahe na tinitindigan natin dito? Marahil may magsasabi ng kung anu-ano ukol Dito, at sa kabila nun ay talagang hindi mo ibubuka ang bibig mo at wala kang sasabihin na anuman tungkol dun. Siya'y ehemplo, dahil pinapaaninag ng Diyos ang Kanyang katangian sa Kanya. At kaya naman kung tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, pinapaaninag ng Diyos ang Kanyang katangian sa atin, kaya naman tayo'y nagiging katulad Niya. Yan ang hangad ng puso ko. Sa tingin ko 'yan ang hangad ng bawat mananampalataya, ang maging katulad Niya sa paglaon.

71 At pagkatapos sa daan paakyat ng burol, noong sabihin ni Satanas, "Buweno, kamatayan, ngayon alam mong nasa ilalim ka ng pagmamando ko. At hayan Siya. Sa wakas nasagad na natin Siya. Dumating na sa punto na Siya'y—Siya'y nasa dulo na ng Kanyang kakayahan. Hindi na Niya alam kung ano pang gagawin. Naging katatawanan na Siya sa gitna ng mga tao. Bumagsak na lang ang mensahe Niya sa kawalan. At ngayon nahuli na Siya ng gobyerno, at Siya'y talunan na. Hindi Siya Diyos. Pumunta ka roon at itusok mo ang tibo sa Kanya. Kitilin mo Siya sa buhay."

72 At sa daan paakyat ng burol, habang unti-unting umuugong 'yung bubuyog sa palibot Niya. Pero 'yan mismo ang dahilan kung bakit kailangan na higit Siya sa pagiging tao lang. Kung Siya'y tao lang, o propeta lang, o anumang mas mababa kaysa sa Diyos, kung ganoon Siya, natibo na sana Siya ng kamatayan at nahimlay na Siya sa libingan.

73 Pero ang bubuyog ng kamatayan ay gaya mismo ng ibang insektong may tibo. Kapag bumaon nang malalim ang tibo nito, tapos na ang mga araw ng paninibo nito. Mabubunot rito ang tibo niya.

74 Buweno, hangga't ang pantaong laman ay nasa—nasa anyo ng kasalanan, ipinanganak nang seksuwal sa ilalim ng sumpa, haya't kapag tinibo ng kamatayan ang laman na 'yun, babalik at babalik ang tibo't makakatibo pa ng iba.

75 Pero noong tinusok nito ang laman na *'yun*, binunot nun ang tibo nito. Wala na itong tibo. Siya ang Diyos sa laman, na nakapanahan sa gitna ng mga tao. Tapos na ang mga araw ng paninibo nito. Yun ang dahilan kung bakit kinailangan na paaninagin ng Diyos ang Kanyang Sarili sa isang katawan, doon sa, nakikilala natin bilang ang Anak ng Diyos, si Jesus Cristo. At ginawa Niya 'yun nang sa gayon ay makuha Niya paalis ang parusa.

76 Dahil, nakita n'yo ngayon, dadako na tayo sa isa pang bahagi ng Kasulatan. Pero nakita n'yo na kung bakit ang Lalaking 'yun ay higit pa sa pagiging basta guro lang, gaya ng sinasabi-sabi ng mga tao ukol sa Kanya sa panahon ngayon, na isang pilosopo lang daw, o isang mabuting Tao, o isang propeta. Siya si Emmanuel. Siya ang Anak ng Diyos, ang Diyos na Jehovah na nahayag sa Kanyang mga katangian ng pagtatanghal ng Kanyang Sarili sa isang katawan na Kanyang ginawa, Mismo. Amen. Umaaninag ito. At hindi magagawa ng makasalanang kalikasan ng tao ang bagay na ginawa Niya. Kita n'yo? Kaya kinakailangan mismong ang Diyos ang gumagawa ng Kanyang. . .ipaaninag ang Kanyang Sarili sa Tao, masalamin, nang sa gayon makita natin ang Taong sakdal na 'yun, na si Cristo. Oo.

77 Heto't, sa paggawa nun, ay napaaninag ang Kanyang marangal, at mapagmahal na katangian. Kita n'yo, sa Kanya'y naroon ang isang katangian bilang isang Tagapagligtas, at kinakailangan na matanghal 'yun. At hindi Siya maaaring maging isang Tagapagligtas at maging tao na natural ang pagkasilang. Kinakailangan na higit Siya sa pagiging isang tao. At ganoon Siya. Siya lamang ang nag-Iisa na makagagawa nito, na anupa't Siya'y likas na walang kasalanan.

78 Siya ang Diyos na nasa Salita. Ngayon, sa San Juan, sa unang kabanata, haya't ipinapaliwanag 'yun. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao." Nagkatawang-tao ang Diyos noong katawanin Niya, o noong itanghal Niya ang Kanyang Sarili sa lupa, sa anyo ng Kanyang Anak, sa Persona ni Jesus, na Anak ng Diyos. Itinanghal ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Personang 'yun.

79 Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Ang Aking Ama at Ako ay Iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa. Ang Aking Ama ito. Siya'y nananahan sa Akin. Wala Akong kontrol sa ganang Akin. Siya ang gumagawa nun." Ang bukal ng Salita ng Diyos, na nahayag! Amen. Pakiramdam ko'y pentecostal ako. Oo.

80 Siya'y likas na walang kasalanan, at 'yun lang ang nag-iisang bagay na makapagsasalamin sa Diyos na 'yun na walang sala, Salita, ang Salita na siyang Diyos. At ang salita ay isang kaisipan na ipinahayag. At noong inisip ng Diyos ang pagiging magulang, ipinahayag Niya ang Kanyang kaisipan, at—at si Cristo ang kahayagan ng Diyos. Amen. Nakikita n'yo ba? Siya ang kahayagan ng Diyos, na ang Diyos ay maaaring maging tayo at mamuhay kung paano tayo namuhay, pero sa kabila nun ay ganap na ipinapahayag kung ano dapat ang sakdal na tao, nang ganap. Siya ang Salita ng Diyos na nahayag at wastong pinatotohanan, ipinakilala. Noong tumayo Siya rito sa lupa, ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan."

At ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapaparatang sa Akin ng kasalanan?"

81 Nais kong buksan 'yan nang kaunti para sa inyo, kung maipapahintulot. Nakita n'yo, ang *kasalanan* ay "di-pagsampalataya." May dalawa lang, na mga daluyan, na maaari n'yong pamuhayan. Ang isa dun ay pananampalataya, at 'yung isa'y di-pananampalataya. "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na." Yang paninigarilyo, pag-inom ng alak, pangangalunya, pagsisinungaling, pagnanakaw, karnal na mga panggagaya, 'yang mga bagay na 'yan ay mga bunga ng di-pananampalataya. Kung isa kang mananampalataya, hindi mo gagawin ang mga bagay na 'yan. Hindi. Nagagawa mo 'yan dahil hindi ka mananampalataya.

Oh, sasabihin n'yo—sasabihin n'yo, sasabihin n'yo, "Oh, pero isa naman akong mananampalataya."

82 "Subalit sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala n'yo sila." Kita n'yo? Mas malakas magsalita ang mga kilos n'yo—mga kilos n'yo kaysa sa pinatutunayan ng sinasabi n'yo. Kita n'yo? Kapag hindi n'yo sinasampalatayanan ang Salita ng Diyos, at itinuturing Ito na parang isang bagay na nakaraan na, o kukuha ng isang aklat para ipampalit Dito, at sasabihin, "Kasing inam lang *Nito* 'yung isang 'yun," ipinapakita lang n'yan na hindi ka mananampalataya. Ganoon nga. Hindi ka—hindi ka mananampalataya. Dahil kung ikaw nga, haya't sasampalatayanan mo ang Salita ng Diyos. Ito'y. . . Ipapahayag Niya ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

83 Ngayon, Siya ang Salita ng Diyos na nahayag. At ang sabi Niya, "Ngayon, kung hindi ninyo Ako masampalatayanan," sabi, "sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, dahil iniisip ninyo na sa mga Ito ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. At 'yun ang mismong bagay na nagsasabi kung Sino Ako." Oh! Iniisip ko kung. . .?. . . "Kita n'yo, Ito Yaong nagsasabi kung Sino Ako. Sinasabi ng mga Kasulatan kung Sino Ako."

84 At hayaan n'yong tugaygayin ko 'yan nang kaunti pa, maaari ba? Ang Mga Kasulatan ang nagsasabi kung sino kayo. Inihahayag kayo Nito at inihahayag ako. Sinasabi ng Mga Kasulatan kung ano tayo. Napakalakas Nito na 'yung mga tinig nati'y di marinig. Mas malakas magsalita ang buhay natin kaysa sa tinig natin, kita n'yo, at ito ang paraan ng Diyos para ipakita sa atin kung ano tayo.

85 Ganoon din ang sinabi ni Jesus. "Ang mga Ito ang nagpapatotoo sa Akin. Pinapatunayan ng mga Ito kung ano Ako. At sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng di-pananampalataya, kasalanan? Kung hindi Ko wastong. . . " Pakinggan n'yo, ang tinutukoy ko na rito'y pagtingin sa sarili n'yo. "Kung hindi Ko ipinakilala nang wasto ang Aking Sarili bilang kung ano ang sinabi ng Salita na magiging Ako!"

86 Iniisip ko kung maiisip kaya nating mga Cristiano ang bagay na 'yan ngayong gabi. Iniisip ko kung makakatingin kaya tayo sa tinginang-salamin ng Diyos, ukol sa kung ano ang mga pamantayan sa pagiging isang Cristiano, at mapagkilanlan ang mga sarili natin sa ganoong paraan. Iniisip ko kung mapagkikilanlan kaya natin. Mapagkikilanlan kaya natin ang mga sarili natin ngayong gabi sa Juan 3:16, at, oh, sa lahat ng iba pang Kasulatan; ika-16 na kabanata ng Marcos, at lahat ng iba pang dako, roon, at maging sa—sa Mga Taga-Galacia, sa palagay ko, at—at sa iba't ibang dako, Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, sa dako nung mga bunga ng Espiritu, at iba pa. Iniisip ko kung mapagkikilanlan kaya natin ang sarili natin.

87 Sabi ni Jesus, "Sino sa inyo ang makapaparatang sa Akin, na hindi Ko ipinamalas at ginawa nang eksakto kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin Ko." Walang makakaparatang maski isang salita, dahil tunay na Kanyang naipakilala ang Kanyang Sarili.

88 At sila, gaya ng lagi nilang ginagawa, ang pagkakakilala sa Kanya ng kunwang-mananampalataya ay Beelzebub, isang masamang espiritu raw. Noong ipakilala na Niya ang Kanyang Sarili sa pagkilala ng espiritu, na Siya ang Mesiyas, mangyaring ang sabi nila, "Masamang espiritu 'yang nasa Kanyang 'yan, na gumagawa ng mga bagay na 'yan." Kaya, nakita n'yo, Siya'y wastong pinatotohanan. Hindi maaaring mamali.

89 Yung munting babae sa may balon ay hindi—hindi namali. Sabi nung babae, "Ginoo, nalalaman namin, na kapag dumating ang Mesiyas, gagawin Niya ang mga bagay na ito, pero Sino Ka po?" Yung babae . . .

Sabi Niya, "Ako Siya."

90 At ang isang Tao na may kakayahan na gawin ang ganoong bagay ay tiyak na magsasabi ng Katotohanan. Sumasa Kanya ang Katotohanan ng Diyos. At inatasan sila, na kapag may propetang babangon at—at gagawa, magsasabi ng isang bagay, at 'yung sinabi niya ay mangyari, siya'y mapagkikilanlan bilang isang propeta. At napagkilala Siya nung babae bilang isang propeta, at tinanong kung Sino Siya. At sinabi Niya sa babae, kaya naman sapat na 'yun. Kumaripas ang babae sa bayan at nagsabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki na Siyang nagsaysay sa akin ng mga bagay-bagay." Hindi maaaring mamali.

Si Felipe man ay hindi namali.

91 O, noong, si Natanael, pala, noong sinubukang sabihin sa kanya ni Felipe kung anong nangyari noong makatagpo ni Jesus si Simon, anupa't, noong dumating doon si Natanael, medyo may alinlangan pa siya.

92 Pero noong makita niya si Jesus, at sinabi ni Jesus sa kanya, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya."

Sabi niya, "Rabi, kailan Mo po ako nakilala?"

93 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nakita na Kita." Haya't—haya't imposible mismo na mamali.

94 Sabi niya, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel."

95 Sabi ni Jesus, "Dahil sinaysay Ko 'yun sa iyo, nanampalataya ka. Makakakita ka pa nang higit diyan ngayon."

96 Inihayag ng kalikasan Niya na walang kasalanan ang Salita ng Diyos. Kita n'yo? Siya ang Salita, kaya inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng kalikasan na 'yun na walang pagkakasala.

97 Hihinto lang po ako rito pansumandali. Ayaw ko kayong panatilihin nang matagal, pero para bang napakasarap, para sa akin, na makipag-usap sa mga tao.

98 Pansinin, kita n'yo, ipinahayag ng Kanyang walang salang kalikasan kung ano Siya. Siya, kung ganoon, kung sa Kanyang walang salang kalikasan, ay inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng walang salang kalikasan na 'yun, ipinapakita lang n'yan na ang kalikasan natin ay masama. At kahit gaano pa natin sikaping tapal-tapalan ito, o gaano man natin subukang siksikan ito ng iba pang mga bagay,

kinakailangan na maging walang sala ito gaya Niya, at pagkatapos ay makadadaloy na rito ang Salita ng Diyos.

99 Hindi ibig sabihin n'yan na maging sakdal sa ganang sarili n'yo. Hindi n'yo magagawa 'yun. Pero, nakita n'yo, kahit ang mga tao natin ay napapalayo mula sa paggawa ng kabanalan. Unti-unti na nating naibababa ang napakaraming pamantayan. Kita n'yo? Kinakailangan nating makarating sa puntong 'yun ng ating pagpapahayag. Siya ang ehemplo natin, at Siya ang Tagapagpasan ng kasalanan natin. At kung ipinapahayag natin na Siya ang Tagapamayapa natin, Siya ang Pambayad-sala natin, kung ganoon kung ipapahayag natin 'yun, mangyaring marapat lamang na paaninagin Siya nun sa atin. At tayo'y sulat na nasusulat, isang tinginang-salamin, na nakikita na ng mga tao si Cristo sa atin. At ngayon, kung hindi nila makita, naku't tayo'y—tayo'y—tayo'y nakatingin sa ibang bagay, at hindi tayo nakatingin sa Kanya. "Kayo'y magsitingin sa Kanya, lahat na taga-wakas ng lupa, at mabuhay." Yun lang ang tanging paraan.

100 Yung makasalanan Niyang. . . o walang salang kalikasan ay inihayag ang Salita ng Diyos, nang lubos, na Siya at ang Salita ay Iisa. Siya mismo ang may sabi. "Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Aking ginagawa sa tuwina ang bagay na kalugud-lugod. Ako at ang Aking Ama ay Iisa mismo." Siya'y lubos na nasa larawan ng Diyos hanggang sa Siya at ang Diyos ay pareho't iisang pagpapahayag. Siya ang laman, ang Anak, na nagpahayag sa pagka-Diyos ng Diyos. Kaya 'yun ang nagpaging Diyos sa Kanya sa isang Tao, para tubusin ang tao. Kita n'yo? Siya at ang Salita ay Isa. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao." Kaya, Siya at ang Salita ay naging Isa, para maipahayag ng Salita at maipakita sa mundo ang Ehemplong 'yun ng kung ano dapat ang tao.

101 At hindi kaya ng tao na maging ganoon sa ganang sarili niya. Walang paraan para maipasok ito rito sa pamamagitan ng edukasyon. Walang paraan para umanib dito. Walang paraan para mabautismuhan papasok dito. Walang paraan para makagawa ng anuman dito, kundi patayin ito.

102 At hayaan itong maipanganak na muli, at pumasok ang isang bagong Kalikasan. Yun lang ang tanging paraan, patayin mo 'yang sariling kalikasan mo para ikaw ay maging. . . At pagkatapos ang Salita'y magiging isa nang buhay na bagay, na ipapahayag na Nito ang Sarili sa pamamagitan mo. Kita n'yo? Kapag ganyan na'y tumitingin na kayo sa tinginang-salamin, kapag nakikita na kayo ng mga tao bilang isang salamin. Dahil, alam n'yo, gumawa na ng daan ang Diyos. Hindi nagbabasa ng Biblia ang mga tao, kaya ginawa kayo ng Diyos na maging Biblia. Ganoon nga kayo. Yang bagay na ginagawa n'yo, nakatingin sa inyo ang mga tao.

103 Nagpadala ang Diyos ng Kanyang mga salamin, ang

Kanyang—Kanyang—Kanyang nahayag na pagpapahayag ng Kanyang Sarili sa mga propeta, dahil ang Salita'y dumating sa mga propeta. At ipinapahayag nila ang Diyos doon, hayan nga, sa propesiya nila na ibinigay sa kanila ng Diyos.

104 At ngayon inihahayag na ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus, habang tinatanggap Niya tayo bilang mga kinupkop na mga anak, at inilagay ang Kanyang Espiritu sa atin, na sumisigaw, "Abba, Ama." Kita n'yo? O, sa madaling salita, "Diyos ko, Diyos ko!" Kita n'yo? Pagkatapos nga'y ang Espiritu Santo na nasa atin, haya't inihahayag ng Espiritu ni Cristo si Jesus Cristo, at kayo ang tinitingnan ng mga tao. Kita n'yo?

105 At kapag ang nakikita nila'y kahipokrituhan at lahat na, walang pasubali, na naiwawaglit natin ang Lakas natin. Nawawaglit ng asin ang lasa nito.

106 Oh, walang ibang kalikasan ang makagagawa nito. Wala. Dahil, Siya ang hinubog na sakdal na katangian ng Diyos.

107 Dahil, isang nahulog na katangian ang tinaglay ng buong kalikasan. Lahat ng tao'y nagtaglay ng nahulog na katangian. Maging ang lahat ng nasa ilalim ng tao'y nahulog. Ang lahat ay nagkaroon ng naghihingalong katangian.

108 At Siya'y may nabubuhay na katangian, kaya ipinahayag Niya 'yun kay Cristo, at binayaran Niya ang halaga. At pagkatapos dahil sa Kanyang pagtalima, ibinangon Niya Siya sa ikatlong araw. Kita n'yo?

109 At pagkatapos ay ibinigay Niya sa atin, ang bunsod nga'y ibinibigay sa atin ang—ang katibayan, binibigyan tayo ng katiyakan, na, hangga't nasa Kanya tayo, tayo'y bumangon nang kasama Niya. Hindi tayo babangon pa lang kasama si Cristo; tayo'y ibinangon nang kasama ni Cristo. Ganoon nga. Nakay Cristo na tayo ngayon. At kung si Cristo'y nagbangon na mula sa mga patay, hindi ba't tayo rin nama'y bumangon na mula sa mga patay kasama Niya? Amen. "Ngayon tayo'y nakaupong magkakasama sa Makalangit na mga dako sa Kanya." Oh, grabe! Kayo nga na mga Presbyterian ay mapapasigaw n'yan. Uh-huh. Oo. Tunay. Nahayag na mga larawan ng Diyos, hinubog nang ayon sa anyo ni Cristo, para makita Siya ng sanlibutan sa inyo. Ganoon ang tinginang-salamin na dapat tingnan.

110 Walang ibang kalikasan ang makagagawa nun; nahulog kasi. At ipinakilala ng Diyos, tingnan n'yo, ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili bilang isang Tao, at inari sa Kanyang Sarili ang anyo ng kasalanan. Ngayon, buweno, hindi kasalanan, kundi anyo ng kasalanan, nang sa gayon ay makuha Niya ang kasalanan ng makasalanan, kita n'yo, at bayaran ang kaparusahan para rito, at ipanumbalik sa makasalanan ang Buhay na mayroon siya noon bago ang pagkahulog. Oh, grabe!

Grabeng dakilang pag-ibig ’yan na inihayag ng Diyos sa atin! Kita n’yo? Isipin n’yo ’yun.

111 At ngayon alalahanin n’yo, matapos na gawin ito ni Jesus, yamang walang iba ang makagagawa nito, tayo’y inanyayahan. Ngayon, iglesya, bulayin n’yo ito pansumandali. Inaanyayahan tayo na hubugin ang sarili nating katangian ayon sa Kanya, sa pamamagitan ng biyaya Niya. Inaanyayahan tayo, isipin n’yo, na maging mga katangiang gaya ng sa Kanya. Kung handa na nating isuko’t ilapag ang mga ganang sariling katangian natin, at ang pagkahubog na taglay natin noon, “Matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa sa maibigin sa Diyos, mga palabintangin, at walang pagpipigil sa sarili, napopoot sa mga nagsisikap na gumawa ng tama, na may anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang kapangyarihan ng Salita.” Papaano darating ang Diyos sa isang dakong gaya nun, na tinatanggihan nila ang Salita? Samantalang, binabantayan Niya mismo ang Kanyang Salita, para patotohanan Ito, para isakatuparan Ito. Tapos ipinagtutulakan pataboy ang Salita, papaano Niya ipakikilala ang Kanyang Sarili sa ganoong bagay?

112 Ang dapat ay tanggapin natin ang buong, kabuoan ng Ebanghelyo. Ganoon ang dapat nating gawin. At ngayon, yamang pinagkikilanlan natin ang mga sarili natin bilang mga mananampalataya ng buong Ebanghelyo, haya’t hubugin natin ang katangian natin. Inaanyayahan tayo na mahubog sa Kanyang larawan, nang sa gayon ay mapaaninag natin ang Kanyang Presensya. “At ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo. Ang Buhay na Aking ipinamumuhay, ay ipapamuhay din naman ninyo.” Tayo’y inaanyayahan, ng Diyos, na gawin Siyang Ehemplo, at hayaang mahubog ang katangian natin na maging gaya ng sa Kanya. Grabeng dakilang bagay! Grabe!

113 Kaya naman, kapag hinayaan natin ang Kanyang katangian na mapasaatin, hayan nga na tayo’y nagiging mga anak, sa pagkakaroon ng pag-iisip ni Cristo, pag-iisip, na tumutukoy sa Kanyang katangian. Ang pag-iisip n’yo ang bumubuo sa katangian n’yo. “Ang pag-iisip,” sabi ni Pablo, “ni Cristo, ang pag-iisip na ito na nakay Cristo, ay mapasainyo.” Ang pag-iisip na ’yun ni Cristo ay mapasainyo. Hinuhubog nito ang katangian ng isang anak ng Diyos. Ngayon, papaanong . . .

114 Makinig lang kayo pansumandali. Papaanong nasa atin ang pag-iisip ni Cristo na nasa Kanya, at pagkatapos ay tatanggihan ang mga bagay na iniatas Niya na ating gawin? Papaano nating mailalagay sa nakaraan ang mga himala, samantalang si Cristo Mismo’y Diyos, at ang Diyos ay nasa inyo. Sa Presensya ng Diyos, palaging may mga himala. Ang sabi Niya, “Tinatawag ninyo Akong ‘Panginoon.’ Bakit ninyo Ako tinatawag na ‘Panginoon,’ at hindi naman ginagawa ang mga bagay na inutos Ko sa inyo na gawin, o inilatag Ko sa inyo na gawin?” Hindi n’yo ba nakikita

kung saan na tayo napadpad, kung saan unti-unting natatangay ang iglesya? At marami na rin akong nakikitang ganoon sa gitna nating mga Pentecostal, din. Napapalayo na tayo nang husto mula sa Lubid ng Buhay. Kailangan nating bumaling pabalik dun, kaibigan, bumalik, dahil lumalaki na tayo ngayon.

115 Nakikita ko na ’yung publikasyon ng Business Men ay lumalaki na nang husto, kasing laki na marahil nung kina Oral Roberts. At natuklasan ko na habang lumalaki tayo, umaakto tayo na para bang bigatin na tayo, kita n’yo, tulad ng Israel noon. At kumikilos tayo na para bang ikinukumpara natin ang mga sarili natin sa—sa iba pa. Tandaan n’yo, “Kayo’y iba nang tao. Kayo’y isang bansang banal, isang maharlikang pagkasaserdote, isang kakaibang bayan.” Aba, tayong Pentecostal ay napunta na sa punto na wala na tayong pinagkaiba sa iba pa sa sanlibutan. Yung pananamit natin, kilos, pagsasalita, gawa ay ’yung ginagawa na rin nila; magmamadaling umuwi, tututok sa telebisyon, sa halip na manatili para sa pananambahan; at sadyang pareho na mismo sa mga bagay na ginagawa ng iba, halos. Nawiwili tayong makipagkumpetensya, nawiwili na maging tulad ng mga Jones. Kita n’yo? Ayaw natin ng ganoon.

116 Ang nais natin, ay gawin itong Biblia na maging tinginang-salamin natin, at hayaang mahubog ang mga sarili natin ng Kanyang katangian; taglay ang Kanyang katangian, ang Kanyang pag-iisip, na ibinubunsod ang pag-iisip na nakay Cristo na mapasaatin. Ang Kanyang isip sa tuwina’y . . .

117 Ano ang gagawin ng pag-iisip Niya, ’yung pag-iisip na nakay Cristo? Ang manatili sa tuwina sa Salita ng Ama. Ano man ang kaaya-aya sa paningin, at ano man ang mukhang *ganito*, wala ’yung pagkakaiba sa Kanya. Ang Salita ng Ama ang mahalaga. Saanman, kapag nakakaharap Niya ang diyablo, haya’t hindi Niya kailanman ginamit ang kapangyarihan Niya para gapiin ang kaaway. Ang ginagamit Niya’y ang Salita, dahil Siya ’yun.

118 Naisip n’yo ba? Hindi Siya kailanman sumulat ng isa mang aklat noong narito Siya sa lupa. Sa abot ng nalalaman natin, hindi Siya kailanman sumulat maliban sa isang beses. Doon noon sa buhangin. Tapos binura rin, marahil, pagkatapos. Bakit hindi Siya sumulat maski isang salita? Dahil Siya ang Salita. Kita n’yo? Ipinamuhay Niya ang Salita. Hindi natin kailangan ng napakaraming aklat, kapag kayo’y naging isa nang nasusulat na sulat ng Diyos. Kita n’yo? Kita n’yo? Yan ang nais ng Diyos sa inyo na maging, ang maging mga larawan Niya.

119 Alam n’yo, sa daigdig ng mga pagano, hayan ang mga pagano na maglalagay ng diyus-diyosan sa harapan nila tapos magpapatirapa sila sa harap nung diyus-diyosan, tapos maaantig sila mismo nung emosyon hanggang sa paniwala nila’y naririnig daw nila ’yung diyus-diyosan na may sinasabi pabalik

sa kanila. Sa ganang mental lang 'yan, pero kabaligtaran 'yan mismo sa Katotohanan ng Diyos.

120 Kayo ang nais ng Diyos. Ayaw Niya ng diyus-diyosan. Kayo mismo ang buhay na larawan ng Diyos. At nagpapatirapa kayo mismo sa harap ng Diyos, at pinupuno Niya kayo ng Kanyang Sarili, at ipinapahayag n'yo Siya bilang isang tinginang-salamin, na Kanyang Iglesya.

121 Anong laking kaibhan nitong mayroon tayo. Ang gusto nating maging ay tulad ng Presbyterian, Methodist, at maging kasing-taas nila. At lahat ng bagay ay kailangang pulido at elegante. At nagiging kasing sama na rin tayo. Kita n'yo? Kita n'yo? Napapadpad tayo. . . Nalilihis na tayo mula sa dating tinatahak na daan. Bumalik kayo, iglesya. Masigasig ako sa inyo, dahil nalalapit na ang Pagparito ng Panginoon. Ibunsod n'yo Siya na maging hayag n'yong larawan, na ipinapahayag ang Kanyang Sarili sa inyo, dahil sa tuwina'y ginagawa Niya nang eksakto ang Salita ng Diyos.

122 Ganoon ang ginawa ng mga propeta, bawat isa. "Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta." At sa ganoong paraan nila nalaman. Si Moises, ang Salita ng Panginoon ay dumating kay Moises. Mangyari pang. . . Dumating ang Salita ng Panginoon kay Noe. Dumating ang Salita ng Panginoon kay Daniel. Inihayag ng Salita ng Panginoon ang Sarili Nito sa pamamagitan ng mga binatilyong Hebreo. Ano 'yun? Kapag ang mga tao, sa alinmang kapanahunan, ay kinuha't pinanghawakan nila ang Salita ng Diyos, hayan mismo na inihayag ng Diyos ang Salita na 'yun sa kanila.

123 Si Noe ay isang larawan at tanda ng paparating na paghatol ng Diyos, at ipinahayag niya ang Salita. At sa pananatili niya sa Salita, sa siya ring Salita na inihayag niya, humatol 'yun sa sanlibutan at nagligtas sa sarili niyang sambahayan.

124 Nilayon ni Daniel noon sa puso niya, na hindi niya dudungisan ang kanyang sarili sa sanlibutan. At anong ibinunsod nun? Iniligtas nun ang buhay niya. Yung mga binatilyong Hebreo, ganoon din ang bunsod.

125 At bawat tao na naglingkod kailanman sa Diyos, ay naging larawan ng Diyos, haya't inihahayag ng Diyos ang Kanyang sariling Salita sa pamamagitan nila. Dahil, sinabi nung mga binatang Hebreo, "May kakayahan ang Diyos namin na iligtas kami." Wala silang kapahayagan ukol dito, nang higit pa roon. "Pero," sabi, "gayunman, hindi kami yuyuko sa imahe n'yo." Ano 'yun? Ipinapahayag nila ang pananampalataya nila sa Salita ng Diyos. At inihayag naman ng Diyos pabalik ang Kanyang Sarili at nagpaaninag, at Siya yaong ikaapat na Lalaki na nakita nila, sa salamin na 'yun doon. Ang Diyos, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa buhay Niyang mga larawan! Oh, grabe!

126 Ngayon tumingin tayo sa—sa salamin ng Diyos, sa Salita, at kilalanin ang kasalukuyan nating katangian. Ngayon, marahil kukurutin ko kayo nang kaunti.

127 Hindi na ako gugugol ng maraming oras. Oh, naku! Hindi ko namalayan na ganoon na palang kaatrasado, labinlimang minuto makalipas. Wala kasi akong orasan dito.

128 May orasan ako na tinitingnan kagabi, at halos dalawang oras akong nangaral. Naiisip ko pa, "Haya't, alas siyete pa lang. Mainam pa't, nagsisimula pa lang akong uminit." Tapos alas nuwebe y media na pala, oras na para huminto.

129 Pansinin. Hindi na tayo magpapakatagal, pa. Hayaan n'yong ibigay ko lang ito sa inyo ngayon, tingnan n'yo. . . [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Magpatuloy ka lang sa pangangaral."—Pat.] Pansinin. Salamat. Alam n'yo, kapag . . .

130 Tingnan natin kung mapagkikilanlan natin ang sarili natin. Ngayon makinig lang po. Unawain n'yo itong maigi, itong sinasabi ko ngayon, itong kasalukuyang katangian natin. Dadahan-dahanin ko lang. Nais kong tumimo ito nang talagang malalim ngayon, bago tayo magtapos. Kung nabuhay kayo noong panahon ni Noe. . . Ngayon, isipin n'yo mismo 'yung kung ano kayo. Maging tapat kayo sa sarili n'yo. Dahil, kung hindi kayo magiging tapat sa sarili n'yo, hindi n'yo magagawang maging tapat sa Diyos.

131 Kung nabuhay kayo noong panahon ni Noe, at nasa kasalukuyan n'yong katangian kayo, sa anong grupo kaya kayo mapagkikilanlan? Ngayon bulayin n'yo. Anong grupo?

132 Mangyari nga, na heto ang isang matandang panatiko na nakatayo roon sa ibabaw ng burol, na napatunayan, nang paulit-ulit, sa loob ng sandaan at dalawampung taon, na wala siya sa kanyang katinuan, dahil walang pag-aalinlangang inihuhula niya na may tubig daw na babagsak mula roon sa itaas. At pinatunayan na ng lahat ng instrumentong siyentipiko nila na wala ngang ganoon. At dahil hindi 'yun tumutugma sa mga kagamitan nilang siyentipiko, papaano makagagawa ng isang bagay ang Diyos na Makapangyarihan na kontra sa sarili nilang mga pangangatwiran? Kita n'yo? At laman ng usap-usapan 'yung lalaki na 'yun. Siya 'yung tampulan ng katatawanan nung panahon na 'yun.

133 Ngayon, iniisip ko. Sige. Tanong lang, sa anong grupo kaya kayo mapagkikilanlan? Sa popular na opinyon kaya nung panahong 'yun?

134 Oh, sasabihin n'yo, "Kaanib ako—ako sa iglesya." Hindi 'yan ang tinutukoy ko. Marami silang mga grupo ng iglesya noong panahon na 'yun, marahil higit pa kaysa sa mayroon ngayon.

135 Pero may isa na taglay ang—ang mensahe mula sa Diyos. Ganoon nga. At labis na di 'yun popular. Yung grupo niya'y labis

na di popular, dahil itinuturing siya na isang panatiko. Magiging handa kaya kayo na mapagkilanlang kasama sa panatikong grupo na ’yun?

136 Ang tanging paraan para magawa n’yo ’yun, ay ang mahayag Yun nang personal sa inyo. At alam n’yo ba na ’yan lang ang tanging paraan ng pagtayo ng Diyos ng Kanyang Iglesya?

137 Tingnan n’yo sa halaman ng Eden, paano nalaman ni Abel na dugo sa halip na mansanas? Oh! Kita n’yo? Espirituwal na inihayag mismo.

138 At, tingnan n’yo, noong narito si Jesus sa lupa, sinabi Niya, noong dakila’t mahalagang oras na ’yun na magsalita Siya, “Ano ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?”

“Sabi ng ilan sa kanila, aba, Ikaw raw si ‘Moises,’ o Ikaw raw si ‘Jeremias,’ o ‘isa sa mga propeta.’”

139 Sabi Niya, “Pero didiretso na Ako—Ako sa punto. Ano ’yung saloobin n’yo tungkol Dito? Kita n’yo? Hindi ’yung kung anong sinasabi-sabi ng iba, kundi gusto Kong malaman kung ano ’yung saloobin n’yo tungkol Dito?”

140 At sa puntong ’yun ay nagsalita si Pedro at nagsabi, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos.”

Ngayon masdan n’yo ’yung paraan ng pagkakasabi Niya rito.

141 Ngayon, alam natin na ang simbahang Katoliko, hindi para saktan ang damdamin n’yo na mga Katoliko, pero sinabi n’yo na itinayo Niya ito kay Pedro, yamang siya yaong munting bato. “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya. Ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makakapanaig laban Dito.” Kita n’yo? Ngayon, kung ganoon, haya’t tumalikod ang iglesya. Kita n’yo? Ngayon, haya’t, kung ganoon ’yun, itinayo pala ito sa ibabaw ng isang tao.

142 Ngayon, sinasabi ng Protestante na itinayo Niya ito sa Kanyang Sarili, na Pangulong Batong Panulok, ang Bato. At, ’yun, may Katotohanan nga roon.

143 Pero hayaan n’yo lang na maglahad ako ng iba ukol diyan, para—para mas umigting pa ito nang kaunti. Haya’t di ako sasang-ayon sa dalawa, sa pagsasabi nito, na hindi Niya tinutukoy ang Sarili Niya, nang direkta, bagkus potensyal Niyang tinutukoy ang Sarili Niya. At kung tutuusin ay hindi Niya isinama si Pedro’t ’yung pagpapahayag lang niya ukol dito.

144 Dahil, tingnan n’yo ang sinabi Niya, “Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas, sapagkat hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo. Hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng kung anong karanasan sa seminaryo, o may nagsaysay sa iyo tungkol dito. Kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag nito sa iyo.”

145 Kung ganoon, ito’y ang espirituwal na kapahayagan kung Sino si Jesus Cristo. Ganoon nga mismo. At sinabi Niya, “Sa

ibabaw ng batong ito, sa ibabaw ng espirituwal na kapahayagan, Aking itatayo ang Aking Iglesya." Ipinakita nito na ang lahat ng mga pintuan ng impyerno'y magiging laban dito, pero hindi makakapanaig ang mga 'yun laban dito. Kita n'yo? "Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makakapanaig laban sa Iglesyang ito."

146 Kaya, nakita n'yo, si Noe ay may taglay na espirituwal na kapahayagan. Direktang kinausap siya ng Diyos. Si Abel. . .

147 Noong naghandog si Cain ng mga bunga ng kabukiran, gaya ng mga mansanas at mga bunga, at iba pa, at pinaganda niya ang dambana niya, at nagsabi, "Tatanggapin ito ng Diyos dahil ginawa ko ang lahat ng *ito*, at inihanda ang magarbong dambana. At pinalamutian ko ito. Pinaganda ko ito. Nasa amin ang pinakamalaking simbahan sa siyudad, o kung ano pa. Tatanggapin ito ng Diyos, na ganito." Hindi Niya tinatanggap ang gawa ng kamay ng sinumang tao, sa pagtutubos.

148 Pero heto't ang dinala ni Abel ay isang kordero at nag-alay siya ng dugo, at pinatotohanan ng Diyos na siya'y matuwid. Paano niya nalaman? Wala pang nasusulat na Salita noong mga panahon na 'yun. Isa 'yung kapahayagan, at ganoon din ito sa panahon ngayon.

149 Sinasabi n'yo, "Buweno, kabilang ako sa iglesya. Ang iglesya ko'y kasing inam ng iglesya n'yo. Parehong gawa sa parehong yari ng gusali, parehong uri ng mga materyales." Pero heto nga. Walang kinalaman ang gusali rito.

150 Ang organisasyon ay isang grupo lang ng mga tao na nagsama-sama, gumawa ng dekalogo na naglalaman ng mga tinatayuan nila, at 'yun na 'yun. Wala akong anumang laban diyan, ayos lang 'yan, pero hindi 'yan ang tinutukoy ko. Marahil magsusuot kayo ng pare-parehong damit, sige, kung disente naman, gaya ng ginagawa ng ibang mananampalataya, at hindi pa rin 'yan.

151 Pero ngayon tingnan n'yo rito. Kung ano ito, ito'y ang espirituwal na kapahayagan ng Salita ng Diyos. Na, ang lahat ng iba pa'y mali maliban sa Salita na 'yun, at sinasampalatayanan n'yo Ito. Siya ang Salita noon, at Siya ang Salita ngayon, at mananatili Siyang Salita sa tuwina. At kapag mabubuksan ng Diyos ang daluyang 'yun, kung ganoon malaya na Siyang makakadaloy sa pamamagitan ng pinaging banal na katawang 'yun.

152 Ngayon, ngayon, napansin natin ngayon na kung naroon kayo noong panahong 'yun, sa anong grupo kaya kayo mapagkikilanlan; sa propeta ba, na taglay ang pinagtibay na Salita, bagaman sila'y nasa minorya? O, sasama kayo roon sa mga tao sa popular na opinyon? "Buweno, sasabihin ko sa inyo, naniniwala akong baliw ang lalaking 'yun." At ang tanging paraan para malaman n'yo na hindi siya baliw ay ang ihayag

sa inyo ng mismong Diyos ang parehong bagay na inihayag Niya kay Moises.

153 At ang tanging paraan para tayo'y maging mga larawan ng Diyos, at mga anak ng Diyos, ay ang maghayag ang Diyos sa atin, at ihayag ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa atin, at tayo naman sa sanlibutan. Yan lamang ang tanging daluyan. Dahil, si Cristo ang Larawan dito sa lupa, na makikita n'yo, ang Diyos sa isang Tao, na nahayag na Larawan ng Diyos, dahil ang Diyos ay lubos na sumasa Kanya na sila'y Iisa. At ngayon noong umalis na si Cristo, pinaging banal Niya ang Iglesya, para pumosisyon ang Iglesya sa lugar Niya at ipahayag ang Salita ng Diyos. Kita n'yo? Sa ganoong paraan lamang ito magagawa. Oh, grabe!

154 Sasama kaya kayo sa karamihang tao na may popular na opinyon? "Basta ako kabilang ako sa iglesya!" At marahil, "Dahil nakakapagsayaw ako sa Espiritu, ay mainam ako." Marahil, "Dahil nakakapagsalita ako ng iba't ibang wika, ay mainam ako." O marahil, "Mainam ang pastor namin, at kaya mainam ako." Ngayon, tapat ang mga bagay na 'yan. Wala akong anumang masasabi laban diyan. Totoo 'yan.

155 Pero itong plano ng kaligtasan ay isang indibiduwal na pakikipag-ugnayan sa inyo. Ang pagsasalita ng mga wika ay isang kaloob ng Diyos. Ang pagsasayaw sa Espiritu ay Presensya at Kaluwalhatian ng Diyos. Pero ibunsod n'yo na mahubog ang katangian n'yo sa larawan ng Diyos, na sinasalamin Niya ang Kanyang Sarili, at kayo'y—at kayo'y imahe Niya, na naglalakad sa lupa, ang tunay na larawan Niya.

156 Ngayon, handa ba kayong gawin 'yan noong panahon ni Noe? O naroon kaya kayo sa mapanuligsang panig, na kinukutya pareho ang propeta at ang mensahe niya na ipinadala ng Diyos? Ngayon isipin n'yo. Sa aling panig kaya sa tingin n'yo, batay sa kasalukuyang estado n'yo ngayon, ang maaaring pinili n'yo noon? Ngayon maging tapat lamang. [Umuubo si Kapatid na Branham—Pat.] (Paumanhin po.) Hindi ko nga kailangang sabihin. Kayo, kayo ang mag-isip, mismo.

157 O noong panahon ni Elias, noong magsalita siya patungkol sa pinturadang mga mukha, at—at sa modernong babae nung panahong 'yun, si Jezebel, na nauupo roon tapos pinasusunod ng paling ang ulo ng kanyang—kanyang asawa saan man niya ito gustong pasunurin? Na anupa't gusto man nito o hindi, pinasusunod niya, sa anumang paraan. At sumasang-ayon ang lahat ng mga mangangaral, "Ayos lang 'yan. Kita n'yo, ayos lang 'yan, dahil reyna namin!" Kita n'yo? At napakadali nilang lahat na mahulog sa ganoong kalakaran.

158 Kung hindi ba't ganyan na ganyan ang eksena sa panahon ngayon, o kung hindi'y wala pa akong nakikita. Lahat nitong mga hangal na bagay na pinaggagagawa ng mga tao, at, sa

kabila nun, ay sa Pangalan ni Cristo. Masisisi kaya Siya sa lahat ng 'yun? Hindi Siya masisisi sa anuman dun. Papaano n'yo malalaman kung saan Niya . . .

Ipinapahayag ito ng Salita. Tugaygayin lang natin ito pansumandali at tingnan.

159 Doon kaya kayo sa panig nung mapanuligsa? O doon kaya kayo kasama si Elias, na tumatayo roon noong panahon na si Elias ay tila ba nag-iisa na lang, at iniisip ng lahat na isa siyang makaluma o kung ano? Hindi 'yun nakapayanig sa kanya maski kaunti. Nasa kanya ang Salita. At taglay niya ang Salita, at hindi niya pinangangambahan ang Salita. Hindi siya natatakot, kamit Ito. Sinumang tao na dala ang Mensahe ng Diyos ay walang kinatatakutan. Ganoon nga.

160 Tumayo noon ang munting Esteban noong umagang 'yun sa harapan ng Sanedrin, ang sabi niya, "Aba, kayo na matitigas ang ulo, na di-tuli ang puso't mga tainga, kayo'y laging nagsisisalangsang sa Espiritu Santo. Kung ano ang ginawa noon ng mga magulang n'yo, ay ganoon din ang ginagawa n'yo."

161 Ang sabi ng Biblia, "Ang mukha niya'y katulad ng mukha ng isang Anghel." Hindi ako naniniwala, na parang de kuryenteng liwanag 'yun o kung ano. Batid ng isang Anghel kung saan siya nakatayo. Walang kinatatakutan ang isang Anghel. Siya'y isang Mensahero mula sa Diyos.

162 At sinumang tao na dala ang Mensahe ng Diyos ay may kabatiran kung saan siya nakatayo. Wala siyang pakialam kahit kanino, kahit na ano pa ang sabi-sabihin nila tungkol Dito. Walang obispo o anupamang iba ang mapagtutulakan siya. Alam niya kung saan siya mismo nakatayo, at 'yun na 'yun. Pinagtitibay ng Diyos ang kanyang Mensahe at pinatutunayan na Ito'y tama, kaya mananatili't mananatili siya Rito. Wala siyang takot. Ganoon ang nahayag na larawan ng Diyos.

163 Ganoon ang ginawa ni Jesus. Hindi Siya natakot na sabihin, "Oh, kayong mga bulag na Fariseo, kayo—kayo ang nagtayo ng mga libingan ng mga propeta, at kayo rin ang naglagay sa kanila roon. Kayo'y sa ama ninyong, diyablo," at kausap ang mga arsobispo't lahat na ng iba pa. Hindi Siya takot, dahil alam Niya kung nasaan Siya. Oo.

Noong panahon ni Elias, ano kayang panig ang pipiliin n'yo?

164 O, noong panahon ni Moises, noong may Mensahe ang Diyos, na lubos na pinatotohanan, ngayon makinig kayo, sa kasalukuyan n'yong katangian (Sinasabi n'yo, "Cristiano ako." Buweno.), tatanungin ko lang kayo: Batay sa kasalukuyan n'yong katangian, ano kayang tayo ang pinili n'yo noon? Noong, tumayo si Dathan at nagsabi, "Ngayon sandali lang. Marami pang ibang mga banal na kalalakihan dito bukod sa iyo, Moises. Magtitipon lang kami ng isang grupo ng mga kalalakihan at gagawa kami ng isang malaking samahan dito. At malalaman mo na lang,

may mga obispo't mga arsobispo na kami, at lahat na ng iba pa, rito. At ang Diyos ay nasa Kanyang bayan, sa kabuoan. Kaya huwag mong isipin na ikaw lang ang nag-iisang munting bato sa dalampasigan." Noong, tumayo roon si Dathan, na ang sabi, "Hindi ba't kayong bayan ay ganoon din ang iniisip n'yo? Masyado nang umaako ang taong ito sa ganang sarili niyang mga kamay. Lagi na lang niyang, sinasabihan tayo kung anong gagawin. Aba, sa karamihan ng—ng madlang tagapayo, ay may—may kaligtasan. Aba, ang dapat nating gawin ay magkaisang lahat para lutasin ang bagay na ito." Pero may Mensahe ng Diyos, na pinagtibay ang Mensahe niya.

165 Hindi natin kailangang magpaalam sa iba patungkol sa Mensaheng ito na ipinapangaral natin. Nakasulat na Ito rito sa Biblia, at pinatutunayan mismo ng Diyos na tama Ito. Kaya bakit kailangan pa n'yong lumabas at sabihin, "Ngayon, kayo na Katoliko, anong dapat nating gawin tungkol *dito*? Sige't makikisali kami sa—sa Kompederasyon ng mga Iglesya. Aalamin natin. Makikipisan kami sa kanila na mga kapatid at titingnan kung paano nila naitayo ang malalaking grupo nila." Di na natin kailangan 'yan na mga pentecostal. Hindi natin kailangang pumisan sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Ang kailangan nati'y pumisan sa Makalangit na samahan, sa pentecostal na kapangyarihan, ang maiangat sa Makalangit na mga dako. Hindi natin kailangan ng ganoong ibang mga bagay.

166 Pero, kita n'yo, alin kayang panig ang pinili n'yo noon, batay sa kasalukuyan n'yong katangian, kung titindig si Dathan at magsasabi ng ganoon, at nakatayo kayo roon noong panahon na 'yun? Manghahawakan kaya kayo sa mensahe ng Diyos at sa mensahero, at mananatili roon, matapos na mapagtibay nang lubos na Katotohanan? O, kukunin n'yo ang mga papeles n'yo—mga papeles n'yo tapos pupunta't makikipisan sa ibang grupo? Oh, naku't . . . kita n'yo, pag-isipan n'yo lang.

167 Noong para bang ang lahat ng bagay ay laban sa pinatotohanang Mensahe ng Diyos at sa mensahero ng kapanahunang 'yun, haya't nailapag na ang lahat ng pitsa't nasa gipit si Moises. Wala na ang lahat, para bang tinalikuran na siya ng Diyos. Pero nakita na nilang gumawa ang Diyos ng isang bagay. Alam nilang naroon ang Diyos.

168 Ngayon, o, noong panahon ni Cristo . . . Sige't bibilisan na natin. Noong panahon ni Cristo, anong panig kaya ang pinili n'yo noon, noong ang lahat ng naglalakihang mga simbahan at moderno nilang mga teologo't mga guro ay laban sa Kanya at sa Kanyang mga prinsipyo, at sa walang tatalas na Turo ng Kasulatan? Laban sila Rito. Sasabihin pa nga ng simbahang dinadaluhan n'yo, "Ang lalaking 'yan ay panatiko. Buweno, hindi siya nanggaling sa mga seminaryo natin. Wala tayong tala na nakapag-eskuwela siya sa eskuwelahan natin. Wala siyang kard ng pakikisama. Wala siyang dala-dalang kredensyal.

Kaya, baliw ang lalaking ito. Huwag kayong magkaroon ng anumang kinalaman diyan," ano kaya ang ginawa n'yo noon batay sa kasalukuyang estado n'yo ngayon? Tanungin n'yo lang ito pansumandali. Buweno. Ano kaya ang ginawa n'yo noon? Kung Siya . . .

169 Kung nabuhay kayo noong panahon na 'yun, at kabilang kayo sa—sa—sa Sanedrin, at 'yun 'yung—'yung parang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. At kaanib doon ang iglesya n'yo, at tinanggap nila ang lahat ng mga bagay na ito. At tumayo ang Lalaking ito, at nakita mo mismo na ginagawa Niya ang mga gawa ng Diyos, at walang makadadaig sa Kanya. Pero sa kabila nun, tinuturing Siya na "isang baliw na Lalaki, wala sa Kanyang katinuan." Isa Siyang . . .

170 Patawarin ako ng Diyos sa katagang ito, pero isa Siya sa mga "kakatwa" noong panahong 'yun. Kita n'yo, inilalahad ko lang nang paganito para maunawaan n'yo.

171 Bakit? Ipinanganak Siya buhat sa Langit. Ang katangian Niya'y sa Itaas. Hindi 'yun—hindi 'yun umakma sa pakikiakibat ng mga kompederasyon ng sanlibutang ito. Kita n'yo? Hindi Siya ganoong uri ng tao. Habang nakatayo ito roon habang ang lahat ng mga teologo, lahat ng mga guro, ay nagsasabi, "Saan nanggaling ang Lalaking ito? Ni hindi natin alam kung saan Siya nagmula"?

172 Noong pagalingin Niya 'yung lalaking bulag, sabi nila, "Aba, hindi natin alam kung saan nanggaling ang Lalaking ito. Ang Diyos ang luwalhatiin mo. Wala tayong alam tungkol sa Lalaking ito. Saan ba Siya nanggaling? Wala tayong—wala tayong tala tungkol sa Kanya. Wala Siya sa listahan natin. Wala Siya sa lupon ng mga direktor natin, hindi Siya—Siya—Siya mahagilap kahit saan. Wala maski sino sa kanila ang nakakakilala sa Kanya. Saan Siya nanggaling?"

173 Sabi nung lalaking bulag, "Nakapagtataka naman, na kayang imulat ng isang Lalaki ang mga mata ko, at sa kabila nun ay hindi n'yo alam kung saan Siya nanggaling. At hindi ba't kayo ang kinikilalang mga namumuno sa panahong ito." Oo. Sabi, "Ngayon, kung Siya ba'y isang makasalanan o hindi, hindi ko masasabi. Hindi ako teologo. Pero isang bagay ang alam ko: na ako'y dating bulag, pero nakakakita na ngayon." Ganoon nga. Yun ang mahalaga. Paningin ang asam niya. Oo.

174 Lahat mismo, lahat ng moderno't, lahat ng mga tagapagturo ng Biblia'y laban sa Kanya at sa Kanyang tunay na nakahihiwang Salita mula sa Diyos. Naniniwala kayo na Siya'y ganap na pundamental, hindi ba, sa Kanyang katuruan? Pero hindi ayon sa mga eskuwelahan nila. Tumimo na po ba nang malalim? Paano natin nalaman na Siya'y pundamental? Tinanong Niya sila, "Sinong makapagpapatunay sa Akin ng kasalanan? Saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan. Ang mga Ito

ang Siyang nagpapatotoo ukol sa Akin. Sasabihin ng mga Ito sa inyo nang eksakto. Ngayon, kung hindi Ko ginagawa ang sinasabi ng Kasulatan, kung ganoon ay hindi 'yun patutunayan ng Ama sa pamamagitan Ko, kung ganoon ay itaboy n'yo Ako; mali Ako." Siyanga, po. Ngayon, nalaman natin na laban sila Roon, sa tunay na Salita ng Diyos.

175 Oh, mapagkikilanlan ba kayo na nasa Kanya sa kasalukuyan n'yong estado, o doon kayo mapagkikilanlan sa bulag na grupo ng mga Fariseo? Sa kasalukuyan n'yo bang estado, kakapit ba kayo sa inyong—inyong mga kredo ng simbahan n'yo? Kakapit ba kayo riyan dahil ang pastor n'yo, marahil, sasabihin n'yo, "Buweno, kasi mabuti siyang tao"? Marahil mabuti siyang tao at bulag pa rin. Walang pasubali. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Kayong mga bulag na taga-akay ng bulag"?

176 Ngayon, sa estado n'yo, bulayin n'yo mismo ngayon, anong gagawin n'yo? Saan kayo mapagkikilanlan sa gitna ng karamihan dun? Ano ba ang kasalukuyan n'yong estado? Papanig ba kayo sa Fariseo, "Buweno, sinasabi ko sa inyo, kasapi ang nanay ko sa iglesyang *ito*, at kasing buti ito ng alinman sa kanila. Mananatili na lang ako rito"? Kita n'yo?

177 At noong makita n'yo ang Salita ng Diyos na pinatotohanan, na Ito ang Katotohanan, sa pamamagitan ng mensahero, at sinaliksik n'yo ang mga Kasulatan at nalaman Ito. Pero sasabihin ng denominasyon n'yo—n'yo, "Lipas na ang araw ng mga himala. Wala nang ganyang bagay." Ngayon, anong gagawin n'yo sa kasalukuyan n'yong estado? Marami sa inyo ang naghayag nito.

178 Kung sasabihin n'yo sa puso n'yo ngayon, "Hindi, hindi ako papanig sa kanila na mga Fariseo. Hindi ako mapagkikilanlan noon na nasa panig nila," sige't paano pala ngayon? Sinasabi ng Kasulatan na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Paano naman ngayon? Sasabihin n'yo, "Hindi ako napagkikilanlan sa panig ng mga Fariseo." Paano pala ngayon? Alam n'yo, umuulit lang ang kasaysayan. Gumupit ako ng artikulo sa diyaryo, noong isang araw, tungkol dun. Nanindigan ang mga Fariseo noong panahong 'yun laban sa Kanya, dahil sa may kinikilingan sila. Ganoon na ganoon ang ginagawa nila sa panahon ngayon.

179 Alalahanin n'yo, sinabi rin 'yun ni Nicodemo. Sabi niya, "Rabi, alam naman namin na isa Kang guro na mula sa Diyos."

180 Pero dahil ayaw tanggapin ng mga kredo't denominasyon nila ang Kanyang Mensahe, kaya naman ipinagbawal na rin nila sa iba. Sabi Niya, "Hindi kayo papasok, mismo, at kaya pinagbabawalan n'yo ang iba na pumasok." Kita n'yo? Grabeng kalagayan! Iniisip ko kung mapagkikilanlan kaya natin ang ating sarili sa isang bagay na gaya nun?

181 Kung sumusunod lang kayo sa Kanya para makita lang ang mga himala Niya, gaya ng ginawa noon ng marami, at sumusunod lang kayo sa Kanya ngayon sa iglesya, para lang makita ang mga himala Niya't maupo-upo. Pero pagdating sa pagpapatong na ng kamay n'yo, para tanggapin ang Espiritu Santo, sa inyo, haya't ayaw n'yong gawin. Ayaw nilang gawin. Marami ang sumusunod sa Kanya noon dahil lang sa mga himala Niya, para makita lang ang mga 'yun. Pero noong maupo na Siya para ituro ang tunay na Katuruan ng Kasulatan, aba'y nagsilayuan na sa Kanya ang madla.

182 Noon, tutok na tutok sila habang pinapagaling Niya ang mga maysakit at iminumulat ang mga mata. At may hihipo sa Kanyang damit, tapos babaling Siya, sasaysayin sa kanila ang mga bagay na 'yun. At sasaysayin kina Felipe at Natanael, at lahat ng mga 'yun, 'yung mga bagay na 'yun. Aba, doon sa babae sa may balon, at lahat ng mga bagay na 'yun, na Kanyang ipinakilala ang Kanyang Sarili bilang ang—ang propeta na sinabi ni Moises, ang Cristo, ang Mesiyas. Mangyaring wala silang propeta sa loob ng apatnaraang taon, tapos biglang dumating sa eksena ang Jesus na ito, na pinatutunayan na Siya nga, kita n'yo, na Siya ang Mesiyas.

183 Marami sa kanila ang sumunod sa Kanya dahil, 'yung unang bahagi ng pagmiministeryo Niya, nagpupunta Siya sa bawat simbahan. Oh, tuwang-tuwa sila na tanggapin Siya, at masigabo pa Siyang pinapalakpakan. "Oh, Rabi, oh, isa Kang dakilang tao!" Pero isang araw naupo Siya dala ang Katotohanan ng Kasulatan. At pagkatapos noong ipakilala Niya ang Kanyang Sarili, na hindi lamang Tagapagpagaling, kundi bilang isang *sugo-mula-sa-Diyos*, dala ang Katotohanan at Buhay, noong ipakilala Niya ang Kanyang Sarili sa Ganoon, oh, Yun nga'y taliwas sa tradisyon nila, maging sa marami na mga nagsisisunod sa Kanya.

184 Tumalikod ang pitumpu at lumayo. Kung kayo ano kaya ang gagawin n'yo? Ngayon, bulayin n'yo 'yun. Hayan, ang isang Lalaki na nakita n'yo na pinapamalas ang mismong mga tanda ng Mesiyas, at alam mismo na darating ang Mesiyas, at iprinopesiya na Niya ang lahat ng ito na mangyayari, maging kay Juan at sa kanila, at ipinahayag na Niya ito, nang lubusan, at pagkatapos sumunod kayo sa Kanya at nasaksihan ang dakilang tanda ng isang Mesiyas, ipinakita't pinatunayang walang pastor ang maaaring makadaig sa Mensahe, sa anumang paraan, at pagkatapos, bigla na lang, dumating Siya't nagturo ng isang bagay na eksakto mismo sa Salita ng Diyos, pero salungat sa paraan n'yo na itinuro sa inyo, hayan nga't, kakapit pa ba kayo sa tradisyon n'yo? Sasama ba kayo sa pitumpu? Oh, ang Kasulatan, na malinaw na matalas na Salita! Sasama ba kayo sa pitumpu?

185 O—o, nakikita n'yo na ba ngayon ang pagkakakilanlan n'yo, kung saan kayo tatayo? Ngayon pagbulayan n'yo nang malalim,

nang taimtim. Saan kaya kayo tatayo noong panahong 'yun, batay sa kasalukuyang kalagayan n'yo? Saan, sa anong grupo kaya kayo mapagkikilanlan, noon? O, mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo, sige't bibilisan na natin ngayon, mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo roon?

186 Kakausapin ko ang mga bata rito, ang mga kabataan. Ipagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo ngayon, kabataan, bilang isang nag-aangking mananampalataya, bilang 'yung mayamang binatang pinuno, na katipo ni Elvis Presley na mahilig sa mga kalayawan ng sanlibutan kaysa sa ibig n'yong sumunod kay Cristo? Ipagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo sa panig ng kasalukuyang-panahon na grupong ito, at, sabihin na lang natin, buweno, gaya ni G. Presley? Sa pagkakaunawa ko, isa siyang Pentecostal. At naturingang Pentecostal, tapos lalantad at kikilos nang ganoon, naku't isa lamang siyang Pentecostal sa pangalan. Para sa akin, isa uli 'yung Judas.

187 Si Pat Boone at 'yung mga tao na nag-aangking mga relihiyoso, at sila na nasa rock-and-roll at pagti-twist, at kahalayan ng sanlibutan, tapos mag-aangkin na Cristiano. Aba, isa 'yung kahihiyan. Mas masahol pa 'yun kaysa sa nagbebenta ng alak. Mas masahol pa 'yun kaysa sa—kaysa sa patotot sa lansangan. Mas gagalangin pa ng Diyos ang isang patotot kaysa sa ganoon.

188 Si Ernie Ford at ang iba pa'y magdamagan mismong, naroon sa mga kasiyahan at lahat na, at kung anu-ano ang pinaggagagawa, yakap-yakap ang mga babae, na mga seksi at lahat na, at pagkatapos dadalo roon at aawit ng mga himno. Diyan n'yo naipagbibili ang karapatan n'yo ng pagkapanganay. Papaano n'yo mapagkikilanlan ang sarili n'yo?

189 Yung binatang 'yun ay may. . . Isa siyang mayaman na tao. Nabigyan siya ng pagkakataon. Siya, marahil, ay isang Cristianong negosyante, rin. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . iglesya.

190 Ngayon, kabataan, ano naman ang gagawin n'yo tungkol doon? Kapag, sinusubukan n'yong kumilos na parang si Marilyn Monroe o ng ilang iba pa, o ng ilan sa kababaihang gaya ng unang ginang ng bansa, ginagaya itong lahat ng kung anu-anong pinaggagagawa, at itong pagpapagupit ng buhok, at—at may pagmamanikyur sa mukha, at itong masisikip, na mahahalay na mga damit. At—at kayo na mga kalalakihan, hinahayaan n'yo lang sila na gawin ito!

191 At kayong mga pastor na walang tapang para sawayin ito mula sa pulpito, isa rin kayo! Ganoon nga. Huh! Ganoon nga. Oo. Ganoon nga. [Pumapalakpak ang kongregasyon—Pat.] Ngayon, sandali lang. Makinig kayo. Sige.

192 Pero madalas na nabibigyan kayo ng Diyos ng mga pastor na nagsasaway sa ganito, at ayaw n'yo pa ring luminya sa

Salita. Ngayon makinig, nakikita natin, napapansin natin, na kung minsan 'yung kabila rin ang may problema, siyanga. [Pumapalakpak ang kongregasyon—Pat.] Ganoon nga. Ano itong inilalatag ko sa harapan n'yo? "Oh," sasabihin, "sila kasi . . ." Naku't alam na alam ko. Dumadaan-daan ako, mismo, sa Phoenix, sa loob ng nakaraang labinlimang taon, at ganoon pa rin ang itsura nito gaya ng dati't, palala pa nga nang palala. Kaya huwag n'yong ibunton ang lahat ng sisi sa pastor. Uh-huh. Sabihin na lang natin na lahat tayo'y aminado, at kaya tumayo kayo roon at tingnan ang sarili sa salamin. Oo.

193 Kabataan, paano naman 'yun? Mas kinagigiliwan n'yo ang papuri ng mga tao dun kaysa sa kinagigiliwan n'yo ang—ang paanyaya na ibinibigay sa inyo, para hubugin sana ang katangian n'yo tungo sa larawan ng Anak ng Diyos? Papaano na? Papaano natin magagawa ito? Oh, naku! Nakikita n'yo ba ang sarili n'yo na nalalantad ang pagkakakilanlan, mahilig sa kasikatan? Paano 'yung . . .

194 Ngayon, papalapit na ako sa pinakapunto ko ngayon. Papaano nga kayong mga Pentecostal na masasabing mas maalam? Hayan nga. Mas maalam kayo kaysa roon. Mas maalam na kayo.

195 Kaya, alalahanin n'yo itong huling pagkakakilanlan ukol sa mayamang binatang pinuno na ito. Naroon siya sa impyerno, nakatingala sa isang tao na namuhay nang tama, humihingi siya ng tubig. Pero tinawid na niya 'yung malawak na bangin na 'yun nang hindi tinatanggap ang potensyal ng Diyos para maipanumbalik sana siya. At hayun siya, at naroon mismo mapasa hanggang ngayong gabi, at sa tuwina'y naroon siya. Buweno. Yun 'yung huling pagkakakilanlan sa kanya.

196 Kaya, huwag n'yong ipagkilanlan ang sarili n'yo sa panig ng isang sikat na reyna ng kahalayan. O, huwag n'yong ipagkilanlan ang sarili n'yo sa panig ng isa sa mga ito na naka-flat top na Elvis Presley, na kung anu-ano ang pinaggagagagawa rito sa mga rock-and-roll n'yo at pagti-twist, tapos tatawagin ang sarili n'yo na Cristiano; o sa isang Pat Boone, dahil may gitara kayo at kayang tumayo roon at umakto nang mapangahas gamit ito.

Hayaan n'yong ipaaninag ni Cristo ang Kanyang Sarili sa inyo. Ganoon nga.

197 Ang mga Pentecostal, sa panahon ngayon, ay napapalayo na mula sa Salita ng Diyos.

198 Pinagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo sa grupo ni Judas? Alalahanin n'yo, nagpasimula si Judas, na lumalakad kasama Siya. Ngayon, kung masakit, hindi ko po sinasadyang makapanakit, pero layunin kong kumurot nang talagang matindi. Kita n'yo? Oo. Nagpasimula si Judas sa tamang hakbang. Nagpasimula siya, na lumakad kasama Siya. Pero

noong siya'y maging . . . nagkaroon lang ng kaunting pera sa mga kamay niya! Uh-huh.

199 Mailalapat kaya ang ganoon din sa Pentecostal? Noong huminto na tayo sa mga kanto, at huminto na mula sa maliliit na pagmimisyon sa eskinita, at pagkatapos nagkaroon tayo ng kaunting pera. At iniisip ko nga na hindi kaya't medyo nabaluktot nang kaunti ang lakad natin. Tapos nagkaroon tayo ng mangilan-ngilan . . . Marahil may ilang tao na nakapasok, na sinasabi, "Oh, buweno, *ganito*," ang bukang-bibig ay mga miyembro. Ngayon, ang tanging hangad n'yo ay mga miyembro, miyembro.

200 Hindi tumitingin ang Diyos sa mga miyembro. Ang hanap Niya ay katangian, para mailagay Niya ang Kanyang Salita sa isang tao na sasampalataya sa Kanya. Gaya ng nabanggit ko, noong isang gabi, nagpagal nang husto si Eliezer hanggang sa nahanap niya ang katangian na angkop bilang nobya. Pagkatapos kinailangan niyang patayuin ang dalagang ito, para madamitan siya nang tama, at para maiharap doon sa pinag-uusapan nila. Kita n'yo? Aba, kung makakahanap kayo ng katangian, tapos hindi n'yo sila madadamitan nang tama. Hindi uubra . . . Um-hum. Buweno.

201 Pansinin ngayon, modernong Pentecostal. Ngayon, ngayon, lagi na lang nating pinag-uusapan ang Presbyterian, ang Katoliko, sige't ngayon ay magbabanggit ako tungkol sa mga Pentecostal, dahil dadako na tayo rito para ipakita ang isang bagay. Kita n'yo? Ang Pentecostal, hindi ba't kakatwa, na, ang mga Pentecostal sa modernong kapanahunang ito na inihula ng Biblia ay magiging gaya ng Laodicea? Laodicea. May isang tagapagturo ng Griyego na nakaupo rito't, napapakinggan niya ako. Ang ibig sabihin ng *Laodicea* ay "isang babae." Ang Laodicea ay isang pangalan ng babae, sa Griyego. Walang iglesya ang ipinakilala sa ganoong pangalan. Pero ngayon heto't isang babae, isang Jezebel. Ganoon nga. "At yumaman kami. Hindi namin kailangan ang anuman." Pero walang kamalay-malay na tayo'y "hubad, bulag, kahabag-habag," lumihis na sa Daan. Ano itong ginawa natin? Nakapulot tayo ng ilang kayamanan, marahil, gaya ni Judas, kita n'yo, pagkatapos hindi na tayo lumakad kasama Nito. Ibinenta na, para sa pansariling kapakinabangan, maraming tao ang ganoon ang ginagawa. Napakaraming denominasyon ang nakikipagkompromiso sa Salita, para makakuha ng mas maraming miyembro, personal na pakinabang; gagawin ang kahit ano.

202 May pastor na pupunta sa isang komunidad tapos magtataguyod ng isang magandang gawain doon. At pagkatapos magpupulong ang mga taong 'yun, pangkalahatang pagpupulong sa kung saan, tapos aalisin nila 'yung tao na 'yun, at kukunin 'yung paborito nilang munting Ricky at siya ang ilalagay roon, at ang bunsod tuloy ay kalat-kalat ang mga tupa.

Kung Diyos ang naglagay ng tao roon. . .Pero, oh, ganoon kasi ang ginagawa nila sa malakihang mga kapulungan, maraming beses; pag-iinitan, tatanggalin 'yung kaawa-awang kapatid na lalaki, samantalang siya talaga ang nagpatatag nung gawain. Pagkatapos, wala silang kamalay-malay na animo'y nababali na pala nila ang sarili nilang leeg dahil sa nagawa nilang 'yun, at ginugulo lang ang iglesya.

203 Naibenta na, sa popularidad, personal na opinyon, kapakinabangan, personal na kapakinabangan, naglalakihang mga simbahan, naglalakihang mga denominasyon. "Mas malaki ang grupo namin kaysa sa inyong lahat." Oh, ganoon ang kalakaran. May slogan pa nga ang mga Baptist, "Isang milyon pa sa '44." Pero anong natamo n'yo?

204 Sabi ko, noong isang gabi, "Mga pagtatapat; ang mga bato'y mga pagtatapat." Anong pakinabang ng isang bato kung walang tagatapyas ng bato gamit ang matalas na Tabak ng Diyos na may dalawang talim, para hubugin sila't tabasin sila para maging mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos? Oo.

205 Anong ginawa ni Judas? Anong ginawa niya? Alalahanin n'yo ang huli niyang estado. Oh, anong ginawa niya? Pinagdudahan niya ang mga pahayag ni Cristo, matapos na siya'y lumakad kasama Niya. Mga Pentecostal, huwag na huwag n'yong gagawin 'yan. Mga Business Men, huwag na huwag n'yong gagawin 'yan. Huwag n'yong pag-alinlanganan ang Kanyang mga pahayag. Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinag-alinlanganan ni Judas ang mga pahayag ni Jesus, at naging sobrang sikat at ipinagbili Ito. Yung katangian ni Judas ang nagtulak sa kanya para ipagbili si Jesus, sa Kanyang mga kritiko.

206 At sa panahon ngayon ganoon na ganoon pa rin ang nangyayari. Maraming beses na 'yung katangian na hinayaan nating maghubog sa atin, ang nagbebenta sa atin, sa mga alalahanin ng sanlibutan, sa mga tao na tumutuligsa. Yung mismong bagay na siyang dahilan kaya lumabas ang mga Pentecostal, naku't bumabalik muli roon, na halos kasing makamundo tulad nila noong una. Kita n'yo? Ano ito? Nabigo tayong mapaaninag ang Buhay Niya sa atin.

207 O, nakikita n'yo ba ang sarili n'yo na napagkikilanlan kasama ng Kanyang tunay na mga alagad? Amen. Ganoon ang nais nating kalagyan, 'yung tapat sa Kanya, tapat sa Kanyang Salita. Nanatiling nakatayo, sa harap ng mga kritiko! Amen. Diyan n'yo ba nakikita ang sarili n'yo na napagkikilanlan sa gabing ito? Salamat sa Panginoon. Amen. Hinahayaang dumaloy sa kanila ang Buhay ni Cristo! Siyanga, po. Pinaging banal sila sa pamamagitan ng Kanyang pagparito. At ang isang makasalanang tao, sa pamamagitan ng pagpapahayag. . .Haya't nilinis na sila ng pagpapaging banal, at ang mga puso nila'y

talagang nakatuon na sa Diyos hanggang sa ibuhos ni Cristo ang Kanyang Sarili sa kanila at paaninagin ang Kanyang Presensya sa mundo. Sa harap ng mga kritiko, tumayo sila tulad ng pagtayo Niya noon. Tumayo sila nang tapat sa Salita, na anupa't may isa na napasabi na lang, "Halos nakumbinsi mo ako na maging isang Cristiano," isa sa mga ano niya . . . mga kritiko.

208 Mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo sa panig ni Pedro noong Araw ng Pentecostes? Mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo roon sa Mga Gawa 2?

209 Kung saan, sinasabi-sabi ng mga tao, sa panahon ngayon, "Ang Espiritu Santo'y ibinigay lamang sa labindalawang alagad."

210 Mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo sa panig ni Pedro, noong sabihin niya, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos"? Siya rin mismong Espiritu Santo!

211 Mapagkikilanlan n'yo ba ang sarili n'yo roon kasama niya sa araw na 'yun? "Ako'y tatayo kasama mo, Pedro. Oo, naman. Sa pangunahing turo mo ukol sa Kasulatan, titindig ako roon. Nais kong mapaaninag ng buhay ko ang Kasulatan, gaya ng sa iyo roon, noong tatlong libo ang nasaktan sa kanilang mga puso."

212 Noong makita ng mga tao ang katapangan nila, ilang araw pagkatapos nun, napagkilala nila na sila'y nakasama ni Jesus. Nasa kanila ang Salita, at alam nila na ang Salita'y nabubuhay sa kalagitnaan nila mismo. At takot silang pakialaman ang Salita ng Diyos, dahil sila'y mga kinatawan ng Salitang 'yun, na may ganoong uri ng buhay, na pinapaaninag ng Diyos ang Kanyang Sarili doon mismo.

213 Sinabi sa isang lalaki, "Pilak at ginto ay wala ako. Wala akong malalaking gusali at naglalakihang mga bagay. Itong mayroon ako, ibibigay ko sa iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumayo ka sa mga paa mo." "Itong mayroon ako!" Kinakailangan niyang magkamit ng isang bagay bago niya ito maibigay. Amen. Oh, ang ganda!

214 Yamang nakikita na na ang Salita'y nananatili magpakailan-kailanman, bawat henerasyon, lahat ng tatawagin ng Diyos ay makikita ang pagpapaaninag.

215 O, 'yung nangyari kay Pablo, noong 'yung popular, na maibigin-sa-sanlibutan na si Demas ay tinalikuran siya, para panigan 'yung kanyang Cristiano, na naturingan lang, na mga kapatid ng popular na opinyon. Noong tumayo si Pablo sa Salita, "Iniwan siya ni Demas, na iniibig . . . iniibig ang kasalukuyang sanlibutang ito." Iniwan siya, dahil siya'y tapat sa Salita.

Masyado itong tuwid para sa kanya. Sino ang sasamahan n'yo, si Demas ba, o sasama kayo kay Pablo? Siyasatin n'yo ang Salita. Aling panig ang pipiliin n'yo sa kasalukuyan n'yong estado sa panahon na 'yun? Gayong, sila'y nagsisiangkin na mga Cristiano raw sila.

Sabi ni Pablo, "Tinalikuran ako ng lahat." Kaawa-awang lalaki!

216 Sa tuwina'y nagugulat ako kay Dr. Ern Baxter. Sabi niya, "Alam mo ba, pagsapit ko roon sa Langit, ang kauna-unahang bagay na gagawin ko?"

Sabi ko, "Ano 'yun, Kapatid na Ern?"

217 Sabi niya, "Lalapitan ko si Demas at sasampalin ko siya sa mukha nang buong lakas na makakaya ko."

Sabi ko, "Naku, Ern."

218 Sabi niya, "Sasabihin ko, 'Bakit mo naman iniwan si Pablo nang ganoon?'"

219 Sabi ko, "Sa palagay mo ba talagang Naroon siya, Ern?" Sabi ko, "Mag-ingat ka sa kagustuhan mo na masampal siya sa mukha." Sabi ko, "Ayaw kong pumunta sa kinaroroonan niya, marahil, kita mo, para gawin lang 'yun."

220 Gaya nung sabi nung lalaki na walang kinikilalang Diyos, sabi sa munting batang babae. Sabi nung lalaki, "Naniniwala ka ba sa Biblia na 'yan?"

Sabi, "Opo."

221 Sabi, "Sa palagay ko naniniwala ka roon sa kuwento tungkol kay Jonas, na nilulon ng balyena si Jonas."

Sabi nung bata, "Opo."

Sabi, "Papaano mo mapapatunayan 'yan, nang di gamit ang pananampalataya?"

Sabi, "Sa pagpunta ko po sa Langit, tatanungin ko si Jonas." Ganoon nga.

Sabi, "Papaano kung wala Roon si Jonas?"

222 Sabi, "Kung ganoon kayo po ang magtatanong sa kanya." Kaya sa palagay ko 'yun ang sagot. Kita n'yo? Siyanga, po. Siya raw ang magtanong. Kaya, nakita n'yo, hayan mismo, 'yun ang sagot.

223 Naniniwala ako, kung ganoon, na kung tinalikuran niya si Pablo at tinalikuran ang Salita, ang ginawa niyang 'yun ay pareho sa ginawa ni Judas. Siyanga, po. Aling panig ang pipiliin n'yo, sa dakong 'yun? Ngayon makinig kayo, mga Pentecostal. Aling panig ang pipiliin n'yo? Pinupuna ko ang mga Presbyterian, at iba pa, ngayon anong papanigan n'yo? Anong panig ang pipiliin n'yo rito?

224 O, hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isa pang bagay. Maaaring makasakit ito nang kaunti, pero may nais akong itanong sa inyo. Noong lumitaw 'yung usapin na 'yun sa iglesya ng Corinto, tungkol sa mga babaing mangangaral; at sa pagpuputol nila ang kanilang buhok, 'yung mga kababaihan. At napag-usapan 'yung usapin, at nanindigan si Pablo, na, "Hindi sila dapat maging mga mangangaral." Nanindigan si Pablo, na, "Ang isang babae, na magpapaputol ng kanyang buhok, ay winawalang-puri niya ang asawa niyang lalaki, at hindi dapat nakikita ang babaing 'yun na nananalangin sa publiko." Ano, sa kasalukuyan n'yong estado, aling panig ng usapin ang pipiliin n'yo? Ngayon tumingin kayo sa salamin. Mainam siguro na iwan ko na 'yan diyan. Gusto kong tumingin kayo sa kasalukuyang estado n'yo. Anong bahagi ng. . . Ano, saan? Ano, saan? Saan kayo nakatingin ngayon? Anong tinitingnan n'yo?

225 Pinapaaninag ni Pablo si Cristo. Naniniwala ba kayo roon? Tunay.

226 "Si Pablo," sasabihin n'yo, "oh," may babae na nagsabi sa akin, sabi, "isa lamang siyang mapagmuhi-sa-babae."

227 Sabi ni Pablo, at—at doon sa Mga Taga-Galacia 1:8, "Kung ang isang Anghel mula sa Langit ang dumating at mangaral ng anumang ibang bagay maliban dito, sa inyo, ay matakwil Siya." Siyanga. Ganoon nga. Ngayon, anong. . .

228 Saan kayo nagpapaaninag ngayon? Uh-huh. Huwag n'yong pipiliin ang popular na panig. Pumanig kayo sa Salita. Uh-huh. Oh! Siyanga, po. "Iniwan siya."

At noong lumitaw 'yung usapin, aba'y, nanindigan si Pablo.

At sumulat sila, sabi, "Sinabi sa amin ng Espiritu Santo."

229 Sabi niya, "Ano? Nanggaling ba sa inyo ang Salita ng Diyos, o sa inyo lamang ba Ito nanggaling? Kung iniisip ng sinumang tao na siya'y espirituwal o—o isang propeta, kikilalanin niya na ang mga bagay na isinulat ko ay mga utos ng Panginoon." Ano 'yun? Siya'y nananatili't nananatili sa Salita. Amen.

230 Ngayon, saan kayo mananatili? Nasa sa inyo na 'yan ngayon. Hanapin n'yo lang ang dako n'yo. Sige. Siyanga, po.

231 Tumayo roon si Pablo, para—para. . . mula sa posisyon niya. Alalahanin n'yo, si Pablo, para magawa 'yun. . . Ngayon, pansumandali. Hayaan n'yong maglahad ako ng iba pa bago tayo umuwi. Si Pablo, bago niya magawa ito, kinakailangan niyang iwan ang mataas na posisyon na nakaatang sa kanya sa iglesya noong panahon niya, para manatili sa Salita.

232 Ngayon, kung tinitingnan n'yo si Pablo, paano naman kayo, kapag nagtuturo ang iglesya n'yo ng salungat Dito? Paano naman kayo, pastor, ministro, miyembro? Oo.

233 Anong ginawa niya? Kinailangan niyang kunin ang posisyon na ito para lumago ang Binhing 'yun, ang Binhi ng Buhay

na Walang Hanggan. Hindi siya sumalungat. Ang sabi niya, “Gayon nga ito, sabi ng kautusan.” Siyanga. Hindi siya. . . Haya’t nanatili siya mismo sa Salita. At para magawa ’yun, kinailangan niyang iwan ang iglesya niyang orthodox, para magawa ’yun. Para mapanatili ang paglago ng Salita ng Buhay, kinailangan niyang gawin ’yun.

234 Si Demas at lahat ng iba pa sa kanila, sabi, “Oh, mabuti sigurong sumama ka na rin. Sige na, Pablo, hindi ka. . . ”

235 Pero tumindig mismo roon si Pablo kasama ang Salitang ’yun. Ang kaawa-awang, munting Judio na prominente’t parang kawit ang ilong, gusto ko siyang makita sa Araw na ’yun. Gusto kong tumayo roon, masdan siya na suot-suot ang putong na ’yun ng martir pagkakita sa kanya. Gusto kong makita roon, at sabihin, “Luwalhati! Hallelujah! Pablo!” Amen. Siyanga, po. “Manatili sa Salita! Tuwang-tuwa ako, Pablo.” Kaya, tulungan Mo po ako, Diyos. Itulot Mong makapanatili ako sa parehong katayuan. Siyanga, po. Siyanga.

236 Sa pangitain na nakita ko kamakailan, tungkol sa mga tao na naroon sa itaas, tinanong ko ang tanong na ito. Nabasa n’yo na ’yun sa—sa buod, sa artikulo ng Business Men. Sabi nila. . . Buweno, sabi ko, “Si Pablo rin ba?”

Sabi, “Opo, ginoo.”

237 Sabi ko, “Nanindigan ako sa parehong Bagay na pinanindigan niya.” Siyanga, po. Manatili, sa parehong bagay.

238 Kinailangang bumaba si Moises mula sa isang trono, para piliin ang Salita ng Diyos. Tinalikuran niya ang trono. Ganoon nga. Siya’y tagapagmana noon ng isang trono. “At tinalikuran niya ang kaligayahan ng pagiging Faraon, dahil inari niya ang kadustaan ni Cristo na mas malaking kayamanan kaysa sa mga kayamanan ng Egipto.”

239 Sasabihin n’yo, “Buweno, sinasabi ko nga sa inyo. Pagtatawanan ako ng mga kababaihan. Iisipin ng mga kalalakihan. . . ” Di ko alintana anuman ang isipin nila. Siyanga.

240 Nagpakababa si Pablo. Bumaba si Moises mula sa isang trono. May listahan ako ng mga indibiduwal na naisulat dito, abot mismo ng tatlong pahina. Pero hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, para tulungan kayo, nang madalian.

241 Bumaba si Jesus mula sa Langit, para paaninagin ang Kanyang Sarili sa anyo ng makasalanang laman. (At sino kayo, o sino ako?) Para gumawa ng. . .gumawa ng daan para mapaaninag natin ang Diyos, para gumawa ng daan para mapaaninag ang Kanyang Sarili sa atin, sa pamamagitan ng pagpapaging banal sa atin sa Kanyang Salita. Dahil sinasabi ng Kanyang Salita, na, noong gawin Niya ’yun, para mapaaninag natin ang Kanyang Salita.

242 Sa Juan 14:12, ang sabi Niya, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Bakit? Si Cristo 'yun, na naaaninag. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayunman, makikita ninyo Ako, dahil Ako..." ("Ako," panghalip panao.) "...ay kasama ninyo, sasainyo, kita n'yo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Oh!

243 "Kung susunod ang sinuman sa Akin, ay tanggihan niya ang kanyang sarili. Tanggihan niya ang kanyang gawang-tao na kredo, kunin ang kanyang Biblia at sumunod sa Akin." Ganoon nga. Siyanga, po.

244 Kung ganoon, mapagkikilanlan kayo sa isang dako sa Kasulatan. Walang duda, haya't kailangan ko nang magtapos. Mapagkikilanlan kayo sa isang dako sa Kasulatan. Alam n'yo 'yan. Bawat isa sa atin, nakikita natin ang pagkakakilanlan natin.

245 Iglesya, dadalo tayo rito sa isang—isang pagtitipon na pinaghandaan nang isang taon. Nananalangin ang mga iglesya. Nag-aayuno ang mga tao. Ibinuhos ko ang puso ko, nang buong sanlinggo, nagparoo't parito sa libis dito, sa bawat maliit na siwang at sulok na maaari kong mapuntahan, sinisikap ko nang buong makakaya ko na bigyan kayo ng babala patungkol sa Pagparito ng Panginoon. At narito na tayo, bago dumating ang oras na ito rito. At mapagkikilala na natin ang mga sarili natin ngayon, para lumipat na roon sa ibayo, para katawanin, o paaninagin si Jesus Cristo.

246 Mapagkikilala ba natin ang mga sarili natin sa pamamagitan ng bagong gupit? Mapagkikilala ba natin ang sarili natin sa kung gaano tayo kagarang manamit? Mapagkikilala ba natin ang sarili natin sa kung gaano tayo kapopular tumayo at magsalita, kung gaanong karami ang edukasyon natin? Samantalang, sinabi ni Pablo, na ang mga bagay na 'yun, kinailangan niyang kalimutan ang mga 'yun para makilala si Cristo.

247 Mapagkikilanlan ba natin ang pentecostes? Magagawa ba natin? Ano't, saang pagpapaaninag natin makikita ang sarili natin?

248 Ano ba ang pinapaaninag natin, sa totoo lang, kung nakatuon lang tayo sa dami ng ingay, at kakayahan na sumigaw at tumugtog, at magpatalon-talon nang taas-baba? Oh, nakakita na ako ng mga Mohammedan na ganoon ang ginagawa. Nakakita na ako ng mga unggoy na ganoon ang ginagawa.

249 Hindi 'yan puna! Hindi ko sinasabi 'yan, para magbiro. Hindi *ito* lugar para magbiro. Ito ang Salita ng Diyos. Kita n'yo?

250 Pero nakakita na ako ng mga hayop na patalon-talon, nagliliwaliw, mga kuneho. Walang ibig sabihin 'yun. Tunay na wala. Natutuwa kayo. Kahit ano naman ay puwede n'yong ikatuwa, anumang munting bagay na nakakapagpataas ng tuwa.

Nakakita na ako ng mga makasalanan na grabe ang kalasingan, at grabe ang tuwa nila! Tunay. Walang ibig sabihin ’yun.

251 Pero saan ba nanggagaling ang tuwa na ’yun? Ano ba ang pinagmumulan? Ano ang reaksyon nun sa inyo? Ano ang pinapaaninag nito? May tatanggi sa Salita ng Diyos; may mamumuhay sa sanlibutan; may makakarinig ng Katotohanan at lalakad palayo Rito; may ipagbibili ang mga karapatan nila ng pagkapanganay, kapalit ng ibang bagay?

252 Oh, Diyos tulungan Mo po kami, kapatid na lalaki, kapatid na babae, tulungan Mo po kami na makapanumbalik at hayaan si Cristo na paaninagin ang Kanyang Sarili, mismo, sa amin, nang gaya nun. Oh, naku! Nawa’y tulungan tayo ng Diyos na mapagkilanlan sa Kanya, nang lubos, na ang Kanyang Salita at Kanyang Presensya’y dadaloy sa atin, para ihayag ang Kanyang Sarili sa mundo, amen, na kakaharapin natin.

253 Isa pang pangungusap, magsasara na ako. Makinig kayong mabuti. Nakahanda na ngayon ang Panday-Ginto.

254 Alam n’yo, matatagpuan ang mga hiyas sa lupa, materyales na pinapanday natin. Pero, alam n’yo, kung makakita kayo roon, ng bagay na napahalo roon, ’yung tipak na ’yun na nakuha n’yo ay madudurog. Ang tibay ng isang kadena’y di hihigit sa tibay ng pinakamahina nitong dugtungan.

255 Kaya, kung sinusubukan n’yong maging isang bato na tinabas mula sa Diyos, isang sangkap, at mapapansin n’yo na masyado n’yong pinapalaki ang sarili n’yo, at sa pagitan nun ay nagawa n’yo mismong magsiksik ng pansanlibutan, haya’t madudurog ang bato na ’yun. Hindi ’yun makakatagal sa pagsubok. At, pakinggan n’yo, hindi tayo tatanggapin ng Diyos, na mga Pentecostal, kapag nagpapasok tayo ng mga dogma at lahat na ng iba pa sa Salita ng Diyos. Sadyang. . . Tatanggihan ng Diyos ang bato at sisipain ito sa isang tabi. Huwag tayong maghanap ng malalaking bagay.

Hanapin natin si Cristo sa buhay natin. Hanapin natin ang kababaang-loob. Kita n’yo?

256 Alalahanin n’yo, kung malaki ang bato, at sinusubukan n’yong magpalaki, ’yun ang pinangangambahan ko na sinusubukan nating gawin. Yun ’yung pakiusap ko sa mga Business Men. Mistula bang lumalampas na sila sa bagay na nararapat. At ako—ako. . . Yan ang dahilan kung bakit ayaw kong. . . Gusto kong—kong—kong maging tapat sa inyo, mga kapatid. Kakaharapin at kakaharapin ko kayo sa Paghatol balang araw. Yan ang dahilan kung bakit iniisip ng iglesya na laban ako sa iglesya. Hindi ako laban sa iglesya. Ako’y. . .

257 Bakit ko pagkikilanlan ang sarili ko rito sa inyo? Kung iniisip ko na tama ang Baptist, tama ang Methodist, tama ang Presbyterian, haya’t sa kanila ako sasama. Pero nandito ako

kasama n'yo dahil pinagkikilanlan ko ang sarili ko rito na kasama n'yo.

258 Pero huwag n'yong subukang lumampas sa hangganan n'yo ngayon, na hahangarin n'yong maging isang bagay na hindi naman kayo ganoon. Huwag n'yong subukang gawing malaki ang sarili n'yo, para maikumpara sa iba, tapos magpapasok dun ng kung anong makasanlibutang ismo, para makakuha ng mas maraming miyembro't mga kung anu-ano. Mababali nang tuluyan sa dalawa ang bagay na 'yan, at itatapon ito ng Diyos sa bunton sa ibayo, para muling hubugin.

259 Magbabangon Siya ng mga anak mula sa iba pang mga bato na ito, kay Abraham. Ganoon nga. Gagawin Niya. Kukunin Niya ang Presbyterian, magpapalabas ng bagay mula roon; sa Methodist, o Baptist. At tila ba nagsisimula na Siya.

260 Pinakikinggan n'yo ba ako, Business Men? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Dahil lang sa dala-dala natin ang pangalan na "Pentecostes," wala 'yang ibig sabihin sa Diyos. Wala, po.

261 Hindi isang organisasyon ang pentecostes. Ang pentecostes ay isang karanasan. Ito'y isang pagpapaaninag ni Cristo, kung saan nagsimula Siya noong Araw ng Pentecostes, hanggang sa paaninagin ang Kanyang Sarili sa mga tao.

262 At pagkatapos nagsimulang magdagdag doon ang mga tao ng pagkamakasanlibutan. Anong nangyari? Pumasok sila sa Konseho ng Nicea, at—at tinanggihan ang malilinaw na mga pangako ng Diyos, at dogma ang inilagay roon. At sinira niya ang Cristianong karanasan na magpira-piraso, at napadpad siya sa Katolisismo.

263 Nagpasimula noon ng isang reporma si Luther. At pinaungos niya, at nasirang muli ang bagay na 'yun.

264 Dumating ang mga Methodist dala-dala ang pagpapaging banal. At nagsimula siyang umungos, at ganoon din ang nagawa niya.

265 At ginagawa ng mga Pentecostal ang ganoon ding bagay. Oh! Buweno, tingnan n'yo ito, haya't makikita n'yo.

266 "Papaano mo . . .?" Sasabihin, "Papaanong alam mo ang mga bagay na 'yun?" Buweno, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay.

"Kapatid na Branham, nagpropropesiya ka ba?"

267 Hindi ako nagpropropesiya mismo. Pero kapag sinusuri ng isang doktor ang isang pasyente, nakikita niya ang mga sintomas, kaya alam niya kung anong mangyayari. Nagbabasa ako mula sa Aklat ng Doktor. At nakikita ko ang mga sintomas na nangyayari sa iglesyang Pentecostal, at alam ko kung saan siya papadpad.

268 Itigil n'yo na ito. Huminto na kayo. Manumbalik kayo. Tulungan kayo ng Diyos. Huwag kayong mapapadpad sa gawing 'yun, mga kapatid. Hindi n'yo ba nakikita kung ano itong sinisikap kong gawin? Inuubos ko ang buhay ko, para sikaping iligtas kayo mula sa kabaliwan na pinapasok n'yo. Araw-araw, taon-taon, umiiyak ako hanggang maubos. At iniisip n'yo na ako ang kaaway. Kapatid n'yo ako. Manumbalik kayo. Huwag kayong mapadpad sa gawing 'yan. Hindi n'yo ba nakikita kung anong nangyari noong nagawi roon ang iba?

269 Business Men, lumayo kayo sa landas na 'yan. Ngayon nga'y sari-saring kredo ang isinusulat n'yo sa mga magasin n'yo, at nagiging kabakas na kayo sa dami ng dala-dalang pagka-denominasyon gaya ng iba pa sa kanila. Alam n'yo na ganoon ito. Hindi n'yo ba nakikita na patungo na kayo sa bagay na tinututulan n'yo nang matagal na panahon? Ngayon, hindi n'yo na ako mamahalin, marahil. Saanman. . . Totoo 'yan. Tandaan n'yo itong sinasabi ko: Manumbalik kayo, o kung hindi'y tapos na kayo.

270 Pentecostal, manumbalik kayo, o kung hindi'y tapos na kayo. Manumbalik kayo sa Salita. Mas huli na kaysa sa inaakala n'yo.

271 Nais ng Diyos na magpaaninag, hindi ng mga miyembro, kundi ng mga tunay na bato na pinakinis at hinulma at inanyuan. Masdan n'yo. Nakatayo ang Panday-Ginto ngayong gabi, na handang alisin ang lahat ng pag-aalinlangan ng latak, lahat ng pagsalungat na nasa inyo. At sa pamamagitan . . . Narito Siya, na handang hubugin kayo at ihulma kayo para maging mga mananampalataya, inaalis ang lahat ng mga pag-aalinlangan sa inyo.

272 Sa pag-usad n'yo, haya't makakakita kayo ng napakaraming mapagpanggap na sumusulpot, nagsasabi, "*Ito*, at, luwalhatiin ang Diyos, natanggap ko *ito*. At, hallelujah, natanggap ko *ito*." At malalaman n'yo, wala naman pala silang nakuha na kahit ano. At ang diyablo ang may gawa nun, para tumubo ang pag-aalinlangan sa puso n'yo. Kita n'yo? Ginawa niya 'yun, nang sadya, para ibunsod 'yun. Pero alalahanin n'yo, isa lang ang ibig sabihin n'yan, na, may tunay na ginagaya nung mapagpanggap na 'yun.

273 May tunay na Espiritu Santo. May tunay na Espiritu ng Diyos. May tunay na kapangyarihan ng Diyos. May isang Anak ng Diyos na pinapaaninag ang Kanyang Sarili ngayong gabi bilang ang Espiritu Santo, para ipakita ang Kanyang Buhay. Nakatayo Siya rito ngayong gabi sa kalagitnaan n'yo, sa anyo ng Espiritu Santo; para pukpukin palayo ang lahat ng duming latak mula sa inyo, ang mga pag-aalinlangan; at ipaaninag sa inyo, ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na hindi Siya patay. At narito Siya para ipakita sa inyo na Siya'y nabubuhay, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Narito Siya

para ipakilala ang Kanyang Sarili na kasama natin. Kaya hindi ba't dapat nating mapagkilanlan ang ating sarili sa Kanya kung gayon, para sampalatayanan ang Kanyang Salita at para tanggapin Ito?

274 Manalangin tayo.

[Isang kapatid na lalaki ang nagpropropesiya—Pat.] Kaluwalhatian. Amen. Amen. Oh! Amen.

275 Oh Panginoong Diyos, lubos Ka po naming pinasasalamatan, Panginoon! Sinabi sa amin sa Kasulatan, na noong si David, noong paparating ang kaaway, at sila'y nagkatipun-tipon na sama-sama, at sinisikap ni David na sabihin sa kanila ang tungkol sa Diyos, may isa na tumayo sa kalagitnaan nila, at nagpropesiya at sinaysay sa kanila kung anong gagawin, at kung paano magagapi ang kaaway. Tunay, Panginoon, sinasampalatayanan namin ang gayundin, na ang Espiritu ng Diyos ay bumababa sa kalagitnaan namin, at ang Salita ang dako para talunin ang kaaway.

276 Yun 'yung ibinigay Mo kina Adan at Eba, sa halamanan ng Eden, para gapiin ang kaaway. At noong pangatwiranan Ito ni Eba, at nagpasok ng pangangatwiran sa Salita, bumagsak ito, at nakapasok ang kasalanan.

277 Tunay, Panginoon, 'yun ang nagiging pagbagsak ng tao, sa mga kapanahunang nagdaan, ang pagpupumilit na makapagpasok ng kung anong bagay sa Salita. Sinubukan noon ni Sarah na gawin ang ganoon din, ang magpasok ng kung anong bagay, haya't kinuha si Hagar, para magsilang nung bata, pero pumalya ito. Noon pa ma'y, ganoon na, Ama. Salita Mo lamang ang aming—aming nais, at 'yun lamang; walang idinagdag Dito, o ibinawas man Dito, bagkus kung ano lamang Ito. At Ikaw po ang Salitang ito. At nagpapasalamat kami para riyan.

278 Pagpalain Mo po ang mga narito, Panginoon. Ako po mismo, gabi-gabi, ay nagsusumikap na sabihin ang mga bagay na ito, na ang Iyong—Iyong—Iyong Pagparito ay malapit na. Lahat ng bagay ay humuhubog na sa ganoong paraan.

279 At mula sa isang—isang pangitain, noong nakaraang ilang linggo, ako'y ipinadala rito sa Arizona. Hindi ko alam kung bakit. Marahil ay pauwi na ako ng Tahanan. Hindi ko alam. Parang—parang ganoon na po.

280 Pero, Panginoon, Iyo pong itulot na matapos ko ang takbuhin ko na may . . . at panghawakan ang Pananampalataya, na mapapanatili ko ang mga damit ko na walang mantsa, Panginoon, sa biyaya ni Cristo. Hayaan Mo pong makatayo ako sa araw na 'yun, at sabihin, "Sinaysay ko ang buong Kapasyahan ng Diyos, sa pagkakaalam ko na Katotohanan Ito, at wala akong ipinagkait na sabihin." Ipagkaloob Mo po ito.

281 Nawa ang mga kapatid ko, Panginoon, ay gayundin, na magkaisa at lalong lumapit pa, at malaman na ang mga paalalang ito ay—ay hindi isang pagsaway, kundi isa itong babala, at sila'y magmatyag sa sangandaan. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Gaya ng kasasabi lang sa amin, na, hahatulan Niya kami sa pamamagitan ng Salitang 'yun ng Mensahe. Diyos, itulot Mo pong matingnan ko ang sarili ko, at, mahiya rito, Panginoon, sa salamin ng Salita ng Diyos.

282 Nakikipaglaban ako, "At tapat, na masikap na nakikipaglaban dahil sa Pananampalataya na ibinigay nang minsanan sa mga banal," gaya ng sinabi ni Jude na dapat naming gawin. At ipinangako sa amin, na, "Sa huling mga araw, ang Pananampalatayang ito ng mga magulang ay ipanunumbalik muli, sa orihinal na pentecostal na Pananampalataya." Ipinangako Mo po ito, sa Malakias 4. Sinabi Mong mangyayari ito. At, Ama, nawa kami'y magmatyag, at ang mga mata namin—namin ay maging mulat na mulat, at hindi ito mapalampas, na matulad sa mga kapanahunang nagdaan na lagi nilang napapalampas. Bagkus nawa ang mga mata nami'y mamulat, para makita si Jesus Cristo habang nahahayag Siya sa Kanyang kaluwalhatian sa gitna ng Kanyang mapagpakumbabang bayan, para ilabas ang isang bayan, mula sa mga Gentil dito, alang-alang sa Kanyang Pangalan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

283 Iyo pong pagpalain ang kongregasyon na narito ngayon. Napahaba man ang pagsasalita ko. Panginoon, hindi ko maaaring hingan ng paumanhin (dahil, naramdaman ko na dapat kong sabihin ang mga sinabi ko), dito sa pagpapanatili sa kanila nang matagal. Pero pinasasalamatan po Kita para sa mga kalalakihan at mga kababaihan, ngayong araw, na—na nakayang makapanatili, at mag-uunat lang nang kaunti, at—at ibabalik sa puwesto ang kanilang—kanilang mga paa sa sahig, at makikinig sa Mensahe. Pinasasalamatan po Kita dahil sa mga iglesyang gaya nito, na nagbubukas ng pinto at nag-aanyaya, "Tuloy ka. Magturo ka sa amin. O, alalayan mo kami sa pangangaral. Tulungan mo kami." Diyos, salamat po sa ganito.

284 At salamat po para sa isang oasis, din, dito sa daigdig ng mga negosyante, ang mga Business Men dito. Panginoon, manatili nawang walang bahid ang kanilang mga kasuotan mula sa mga bagay ng sanlibutan. Ipagkaloob Mo po ito. Gawin Mo po itong dako ng pagliligtas ng kaluluwa, Panginoon, na—na, marahil, kung may mga tao na ayaw pumunta sa simbahan, ay pupunta sila rito't mapakinggan ang usapan ng mga negosyante. At nawa ang buhay nila—buhay nila'y maging maalat sa biyaya ng Diyos, at sa kababaang-loob ng Kanyang Espiritu, para—para ang sanlibutan ay manabik na maging ganoong uri ng mga tao. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Pagpalain Mo po kami ngayon, nang sama-sama.

285 Panginoon, patawarin Mo po kami sa mga pagkukulang namin. Patawarin Mo po ang mga kasalanan namin, at mabunsod nawa na mabuksan ang mga daluyan ng mga puso namin. Nawa'y dumako sa gitna namin ngayon ang Hari ng Kaluwalhatian, kung makasumpong kami ng biyaya sa Iyong paningin, sa pamamagitan ng pagsisisi namin sa mga pagkakamali namin. Di mapasusubalian, na ang puso ko'y nagsisi, marami pang ibang puso ang nagsisi. At kung makasumpong kami ng biyaya, Panginoon, hubugin Mo po kami ngayon.

286 Linisin Mo po ang mga templo namin, para ang Salita ng buhay na Diyos ay mabuhay sa gitna namin at mapatunayan na si Jesus Cristo ay hindi patay. Hindi Siya patay na tagapagtatag gaya ni Mohammed, o—o ni Buddha, o ng iba pang mga grupo. Siya'y buhay, na pangkasalukuyang panahon mismo, na nabuhay na mag-uling Jesus. "Siya'y nabubuhay na magpakailanman, at hindi na kailanman maaaring mamatay," at pinagkalooban kami ng Buhay na Walang Hanggan, at ipinakilala ang Kanyang Sarili sa kalagitnaan namin. At kami, Panginoon, ay pinapaaninag ang Kanyang biyaya sa iba pa.

287 Iyo pong tulungan kami, Ama, gaya ng ipinangako Mo sa huling mga araw kung anong mangyayari, gaya noon sa panahon ni Lot. Nawa kami, gaya nung mga taga-Emaus, ay umuwi ngayong gabi, na nagagalak, dahil nakita Ka namin na gumawa ng isang bagay na tulad ng nasaksihan nila noon na gumawa Ka pagkatapos Mong bumangon mula sa mga patay; alam nila na kapareho ito sa ginawa Mo bago Ka namatay, kaya naman nalaman nila na Ikaw ay nagbangon. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

288 Ngayon, ngayon, napahaba ang aking—aking pagsasalita. Pero, ito, hindi ko alam kung gagawin Niya ito. Hindi ko alam kung gagawin Niya. Hihilingin ko lamang sa Kanya. Naniniwala ako, na kung ilalagay ko ang buhay ko rito sa... bilang pagpapakita't patunay, ng paninindigan sa Salitang ito, kung ganoon, sa abot ng nalalaman ko.

289 Di ako maituturing na walang sala. Kung tutuusin heto't tadtad ako. Pero, bawat oras ay ipinapahayag ko ito, palagi. Kapag nakikita ko ang mali ko, haya't tinatalikuran ko 'yun, at sinisikap na gawin ang tama. Hindi ko pinagsusumikapang mapunta sa Langit sa ganang merito ko. Hindi ako makakarating dun. Lubos akong nagtitiwala kay Jesus Cristo. Siya ang Pinagkakatiwalaan ko. Ako—ako—ako'y sumasampalataya sa Kanya. Hindi ko pinagsusumikapang makapasok dahil sa isa akong kapatid na Pentecostal. Hindi ako—hindi ako makakapasok sa merito ng Pentecostal. Papasok ako dahil sa merito ng Dugo ni Jesus Cristo. Namatay Siya para sa akin.

290 At ’yun ang gusto kong pagtiwalaan n’yo, ang mga merito Niya. At pagkatapos papaano n’yo malalaman na makakadako kayo roon? Ay kapag ang bawat Salita’y, sinasang-ayunan n’yo Ito nang may diin, “Amen. Amen.” Dahil, Ito ang Salita Mismo na sinisikap na patotohanan ang Sarili Nito. At kung tatanggihan natin ang Salita na ’yun, papaano Nito pagtitibayin ang Sarili Nito?

291 Ngayon, sabi ni Jesus, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Tama ba? At pagkatapos anong sinabi Niya sa Juan 5:19? “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman ang Anak sa Kanyang Sarili, kundi ang bagay na nakikita Niyang ginagawa ng Ama.”

292 Dumaan Siya sa tipunan ng tubig ng Betesda. Doon ay nakaratay ang napakaraming tao, marahil dalawampu o tatlumpung beses na mas marami kaysa sa bilang ng narito sa gusaling ito ngayong gabi. Nasa apat o limang-daang katao marahil, ang nakaupo rito ngayong gabi. Hindi ko alam, pero marahil ganoong karami. Pero baka libo-libo pa nga. Sa pagkakaunawa ko kapag sinabing “karamihan” ay umaabot ng libo-libo. Ngayon, nakaratay roon, ang mga pilay, lumpo, bulag, tuyot, tapos pinagaling Niya ang isang lalaki, dahil alam Niya na ganoon na noon pa ang naturang lalaki. Ipinakita na sa Kanya ng Ama. Kita n’yo? Iniwan ang lahat ng iba pa sa kanila. Kita n’yo? At pagkatapos tinanong Siya patungkol dun.

293 Pero ang sabi ng Biblia, pagkatapos ng Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli, haya’t, ngayong gabi, “Siya’y isang Dakilang Saserdote.” Naniniwala ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naniniwala ba kayo na Siya’y nabubuhay pa rin? [“Amen.”] At Siya’y isang Dakilang Saserdote na nahihipo’t nahahabag sa mga kahinaan natin? [“Amen.”] Buweno, kung Siya ang siya pa ring Dakilang Saserdote, ayon sa Mga Hebreo 13:8, kung ganoon ay kikilos Siya nang ganoon pa rin. Tama ba?

294 Ngayon nawa’y linisin na ang mga puso natin mula sa lahat ng kasalanan. Nawa’y maipagtapat na natin ang kamalian natin. Nawa’y maipagtapat na natin ang di-pananampalataya natin, na tayo’y nagkamali, at sabihin, “Panginoong Jesus, narito po ako. Ako po’y may pangangailangan, ngayong gabi. Iyo pong paaninagin ang Sarili Mo sa buhay ko. Pagkalooban Mo po ako ng pananampalataya na taglay ng babaing ’yun, na humipo sa Iyong damit.”

295 At sasabihin ko, “Panginoong Jesus, nanindigan ako sa Iyong Salita.” Yun ang atas sa akin, “Ipangaral ang Salita.” Naninindigan ako Rito. Nais kong—nais kong Dito na ako mamatay. At ako’y—ako’y tumindig at gumawa ng ilang

mahihirap na bagay, dahil sa Salita, at nanatili roon, pero sa tuwina'y lagi Niya Itong pinagtitibay.

296 Ngayon umaasa ako na Kanyang patototohanan ang Salita na 'yun. Hayaan itong tumimo. . . Hayaan Siyang dumaloy sa pamamagitan natin ngayong gabi, habang tayo'y mananalangin.

297 Ilan po rito ang may sakit, nangangailangan, may pangangailangan na anuman? Itaas n'yo ang mga kamay n'yo at sabihin, "Ako po, Panginoon. Nananampalataya ako, Panginoon."

298 Nais ko pong hingin ang buo n'yong pansin, sa abot ng buong kaluguran na makakaya n'yo, pansumandali.

299 Kung, pagkatapos ng Mensaheng ito, at ipapaaninag ni Cristo ang Kanyang Sarili sa mga tao, at makikita na may kaawa-awang kaluluwa na may sapat na pananampalataya para mahipo ang Kanyang damit, at magagawa kong ipasakop ang sarili ko sa Kanyang Espiritu, at mapagkikilala na ito ang Espiritu Santo! Kung ganoon, kung kabilang kayo sa ibang grupo maliban sa grupo na sumasampalataya Rito, kung ganoon ay pupunta ako sa kung saan nila sinasampalatayanan ang Katotohanan. Kita n'yo? Doon ako pupunta. Ganoon ang gagawin ko. Sasampalataya ako, dahil ipinakikilala ng Diyos ang Kanyang Sarili. Huwag n'yong ipagkilanlan ang sarili n'yo ngayon sa mga Fariseo at sa kanila na mga hindi nananampalataya, sila'y mga bulag, dahil sinabi ni Jesus na hindi na nila Siya makikita pa. "Subalit makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasama sa inyo. Ako'y sasainyo. Makikita ninyo Ako." Buweno, kung Siya ang siya pa ring Dakilang Saserdote na 'yun, ay sa ganoong paraan n'yo Siya makikita, sa pamamagitan ng pagpapaaninag sa Kanyang Sarili sa parehong paraan na ginawa Niya noon. Totoo ba 'yun? Buweno.

300 Ngayon, manampalataya kayo nang buong puso n'yo. Manampalataya kayo. Huwag mag-alinlangan, manalangin, at pagkatapos titingnan natin—titingnan natin kung anong sinabi Niya. Ngayon, manampalataya lamang kayo nang buong puso n'yo.

301 Ngayon, Diyos Ama, ako'y nangusap tungkol sa Iyo at para sa Iyong Salita. Ginawa ko ito sa paraang paputol-putol, Panginoon, alam ko, pero 'yun po ang pinaka mainam kong nalalaman. Nitong buong dalawang linggo, ay walang humpay akong nanatili Rito, Panginoon. Buong buhay ko, ay sinikap kong manatili Rito. Ngayon, Panginoon, kilalanin Mo po ang Iyong Salita ngayong gabi rito, habang papatapos na ang rebaybal. Maalaman nawa, Panginoon, na kung maninindigan kami para sa kung ano ang tama, haya't maninindigan para sa amin ang tama. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Na kami'y naniniwala, na Ikaw ay naging kami, para kunin ang pagkakasala namin; nang sa gayon kami'y maging Ikaw, na

maging mga anak ng Diyos, para paaninagin ang Salita ng Diyos, na pinagtibay, inihayag ito sa pamamagitan ng buhay-ministeryo namin na Iyong ipinagkaloob sa amin. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Inihaharap namin ang aming mga sarili sa Iyo ngayon sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

302 Ngayon manampalataya lamang. Huwag mag-alinlangan, bagkus—bagkus manampalataya kayo nang buong puso n'yo ngayon. Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang lahat ay sumasampalataya. Ngayon, huwag mag-alinlangan. Manalangin lamang, sa sarili n'yo. Magkaroon kayo ng pananampalataya ngayon. Huwag mag-alinlangan, kahit kaunti. Tumaimtim sa sarili n'yo ngayon. Pakinggan n'yo ang sinasabi ng Espiritu sa inyo. Manampalataya kayo sa Diyos. Manampalataya kayo sa Diyos.

303 Ano ang itinitingin mo sa akin nang napakataimtim? Naniniwala ka bang ako'y lingkod Niya? Hindi kita kakilala. Hindi pa kita nakikita kahit kailan, pero isa ka lamang babae na nakaupo riyan na nakatingin sa akin. Hindi mismo karamdaman ang ipinag-aalala niya. May ibang tao siya na inaalala. Isang kabatang babae. Nawawala kamakailan. Umalis ng bahay. Kabataang babae, isang kabataan. Matagal na itong pinlano. Sa ngayon, wala akong nakikitang panganib sa dalagita. Manampalataya ka. Sampalatayanan mo ang Diyos, pauuwiin Niya ang dalagita sa iyo.

304 Ano ang hinipo nung babae? Ngayon, nakikita n'yo ang babae. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Siya'y, ganap, na estranghero.

305 Heto ang isang binibining nakaupo sa likod *dito*, nakapikit ang mga mata, nananalangin. Pinahihirapan siya ng isang—isang sakit sa tumbong, at ito'y almoranas. Pinahihirapan siya ng sakit sa puso. Mapapalampas niya. Diyos, tulungan Mo po kami. Binibining Willingham, manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo. Ngayon nga'y tanggapin mo ito.

306 Ngayon tanungin n'yo ang babae. Ganap na estranghero kami. Sasabihin n'yo, "Binanggit mo ang pangalan niya."

307 Haya't, hindi ba't binanggit ni Jesus kay Simon, "Ang pangalan mo ay Simon. Anak ka ni Jonas"? Manampalataya lamang kayo sa Diyos. Sinasampalatayanan n'yo ba?

308 Ngayon maging sinsero kayo. Manampalataya. Huwag mag-alinlangan. Ilagak n'yo lang ang isip n'yo sa Diyos, at—at sampalatayanan Siya.

309 Anong ginagawa Niya? Ipinakikilala Niya ang Sarili Niya. Pinapaaninag Niya ang Sarili Niya. Ngayon, kung sa tingin n'yo ay di ito tama, hihilingin ko sa inyo na pumunta kayo rito sa pulpito at gawin n'yo ang parehong bagay.

310 May isang—isang munting babae. Nakaupo siya rito sa likod na may panyuwelo sa kanyang ulo. Isa siyang Espanyol. At nananalangin siya para sa isang anak na babae. Hindi rito nakatira ang anak na babaing 'yun. Ipinapatong niya ngayon ang mga kamay niya sa mukha niya. At siya. . . Nakatira ang anak na babaing ito sa isang lugar na maraming tubig, kung saan umuugong ang dagat, sa San Diego, California. At may pamamaga siya sa ugat at mga komplikasyon, at nasa bingit ng pagkanerbiyos. Nananampalataya ka ba na ang panalangin mo sa sandaling 'yun ay humipo sa laylayan ng Kanyang damit, munti kong kapatid na babaing Espanyol, at gagaling ang anak mong babae? Kung nananampalataya ka, itaas mo ang kamay mo at tanggapin ito. Sige, matatanggap mo ito. Lumiwanag diyan sa kinaroroonan mo ngayon. Huwag kang mag-alinlangan. Manampalataya.

311 Kamangha-mangha 'yun sa iyo, hindi ba, ginang, na nakaupo riyan? Ikaw na nagpatong ng kamay mo sa ilong mo, at nagpunas ng mukha pagkatapos; may ibinulong ka riyan sa may pasilyo; nakasuot ng asul na amerikana, nakaupo riyan. Oo. Sige. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo, magiging maayos ang puso mo at wala ka nang magiging problema sa puso gaya ng dinaranas mo. Kung tama, tumayo ka, para sumaksi na totoo 'yun. Isa akong estranghero sa binibini. Amen. Sumasampalataya ka ba? Tunay. Uh-huh. Manampalataya ka sa tuwina.

312 Nakikita ko, haya't may isang lalaki na edad media. Nakikita n'yo ba ang Liwanag na 'yun, na amber, na nakalutang diyan mismo't, huminto sa ibabaw ng lalaking 'yun? Ngayon siya'y nananalangin. Nakayuko ang ulo niya. At may bagay na kasasabi lang, na nakatawag ng kanyang pansin sa pananalangin. Dahil, taga-California rin siya, hayan nga, gaya nung nabanggit kani-kanina lang. Haya't siya'y taga-Fresno, California. Pinahihirapan siya ng hika. G. Korol, kung nananampalataya ka nang buong puso mo, maaari ka nang umuwi at gumaling, din. Amen. Sampalatayanan mo ito ngayon. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Tayo ba'y di magkakilala? Itaas mo ang kamay mo. Sige.

313 Nananampalataya ba kayo? Ano 'yung hinipo nung lalaking 'yun? Hinipo niya si Jesus Cristo. Tatlumpung talampakan ang layo Niya sa akin.

314 Hinahamon ko kayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na sampalatayanan ang Mensaheng ito ng Espiritu Santo sa huling mga araw na ito na ito na 'yung pagsasara ng kasaysayan ng mundo. Hinahamon ko kayo na maniwala sa itinuro ko—itinuro ko sa inyo ukol Dito ngayong gabi. Paniwalaan n'yo na isinugo ako ng Diyos. Galangin n'yo ito. At ngayon, huwag ako ang igalang n'yo, bagkus galangin n'yo ang dahilan ng pagkakasugo Niya sa akin, ang Kanyang Salita, at ipagkakaloob ito ng Diyos,

ang kahilingan n'yo. Hindi ko Siya mapipilit na gawin 'yun, pero kung kayo'y sasampalataya.

315 Heto, tumingin kayo rito. Hindi n'yo ba Yun nakikita? Tumingin kayo rito, 'yang Liwanag na 'yan na *narito* mismo. Nasa ibabaw mismo nitong medyo matabang babae na nakaupo rito. Hindi ko kilala ang babae. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko, pero may sakit siya. Nagdurusa siya. Nanggaling na siya sa doktor, at, may kung ano, nakita sa pagsusuri na may kung ano sa kolon. Para itong mga sugat. Haya't, sinasabi ng doktor na mga ulcer ito sa kolon. Ganoon nga. Ganoon nga. Hindi ka taga-rito. Nandito ka para dumalaw. Tama ba? Itaas mo ang kamay mo. Nanggaling ka pa ng Michigan. Ganoon nga. Nandito ka para dalawin ang isang anak na lalaki, at siya'y parang nasa radyo. Ang pangalan mo ay Gng. Erb. Manampalataya ka sa Diyos. Umuwi ka't matatagpuan mo ito ayon sa nais mo, kung sasampalataya ka nang buong puso mo.

316 Sumasampalataya ba kayo? Handa na ba kayong maalis ang maruming latak ng di-pananampalataya mula sa inyo? Naniniwala ba kayo na makikita n'yo si Cristo na pinapaaninag ang Kanyang Sarili, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Siya ay Diyos. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Sabihin n'yo, "Amen" kung sinasampalatayanan n'yo. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

317 Kung ganoon ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa isa't isa. Ipapakita ko sa inyo ang Kanyang Salita, kung kayo'y mga mananampalataya. Sabi Niya, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit sila'y magsisigaling." Ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa isa't isa ngayon.

318 Ipikit n'yo ang mga mata n'yo. Iyuko n'yo ang ulo n'yo. Ipanalangin n'yo ang isa't isa. Manalangin kayo. Hindi ako. Manalangin kayo. Si Cristo, ay nasa kalagitnaan n'yo riyan!

319 Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, nawa'y mapaaninag si Cristo sa bawat buhay na narito ngayong gabi. At pagalingin Mo po ang mga maysakit, Panginoon. Pinapalayas namin ang bawat diyablo ng kawalan ng pananampalataya, nang sa gayon ay makita ng Iglesya ng pentecostes ang pagpapaaninag ni Jesus Cristo sa kanilang buhay, gaya ng nasaksihan nila ngayong gabi.

63-0123 Pagkakakilanlan
First Assembly Of God
Phoenix, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org